MAGASIN NG
BAGONG Buhay
ENERO 20, 1957

UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
LIBRARY
JAN 21 1957



Isang Tagpo Sa
"Dalawang Ina"
ng LVN Pictures






Mapapansin sa larawang ito ang kinasusuungang panganib at matinding hirap na dinaranas ng mga taong humihila sa andas ng Mahal na Senyor Nasareno sa Quiapo tuwing ipagpuprusisyon sa araw ng kapistahan. Maging ang iba pang deboto at mga may panata ay ganyan din ang nangyayari sa hangad na makahawak man lamang sa lubid o makahalik kaya sa Mahal na Senyor sa oras ng prusisyon.

# ANG PRUSISYON SA QUIAPO

**SA LAHAT** nang Patrong ipinagpipista sa Kapuluan ay wala na kaipalang uuna pa sa kapistahan ng Mahal na Senyor Nasareno sa Quiapo. Pinagdarayo ito ng napakaraming tao buhat sa lahat nang dako, bukod sa mga tunay na deboto at may panata sa Mahal na Senyor.

Noong ika-9 ng buwang kasalukuyan, minsan pang nasaksihan ang dakilang kapistahan ng Senyor Nasareno. At gaya ng mga nakaraang taon, naging tampok ang idinaos na prusisyong sinamahan ng makapal na tao. Ito'y nagpapatunay na hanggang sa mga panahong ito ay nananatili pa rin ang matapat na pananalig ng mga deboto sa sinasambang Mahal na Senyor sa Quiapo.

Subali't isang bagay ang kapansin-pansin na tila dapat pakalimiin upang higit na maging marapat sa Nasareno ang idinaraos na pagdiriwang sa Kanyang kapistahan. Ito'y ang malabis na kaingayan at kaguluhang namamayani sa oras ng prusisyon, na nagiging sanhi tuloy ng kapahamakan ng ilan. Bakit kinakailangan pang magtulakan at maggitgitan upang makalapit lamang sa andas o makahalik sa Senyor Nasareno sa oras na inililibot ang prusisyon, gayong maluwag namang maisasagawa sa loob ng simbahan, kung maayos at tahimik na ang lahat? Bakit nagpipilit pa ang marami na isapanganib ang buhay upang maipakilala lamang ang matapat na pagsamba sa Patrong pinipintakasi? Sa ganitong paraan kaya ay "napapalapit" sila sa Diyos? Kailanma'y hindi ninais ng Maykapal na ang pagsamba sa kanya ng tao ay maging sanhi pa ng kapinsalaan at kapahamakan ng marami! At sinabi rin ng Diyos: "Ingatan mo ang iyong sarili at iingatan kita." At sa kusang pagsuong sa panganib ng mga kinauukulan sa hangad na maging karapatdapat sa Diyos ay tila lalo pang nilalabag nila ang kalooban ng Maykapal.

Kung pakalilimiin nga lamang ng mga kinauukulan ang bagay na iyan, kaipala'y higit na maging mahalaga sa Diyos ang kanilang matapat na pagsamba at pananampalataya. Higit ding maging maayos, mapayapa at masaya ang pista ng purok ng Quiapo, na sa kabila ng lahat at ano man ang mangyari, ay mananatiling isang natatanging araw sa kalendaryo ng mga Katoliko...

MAGASIN NG BAGONG Buhay

Lumalabas tuwing Linggo ng umaga na kalakip ng pahayagang BAGONG BUHAY.

Tanggapan at pasulatan: 209 Sampaloc Avenue, Lunsod Quezon.

Kasapi sa United Press, Philippine News Service, ONINC, King Features Syndicate, United Feature Syndicate, PANA at USIS.

Namamatnugot: EDDIE RASOLA

Kagawad: GREGORIO R. FLORENCIO Sa sining: PETE VENEZUELA

Ang lahat nang sulat o padalang-tulong sa Magasing ito ay ipadala sa: Magasin ng BAGONG BUHAY, 209 Sampaloc Ave., Quezon City.



Naging "malakas na dagok" sa kilusan ng mga Huk ang pagsuko ni Luis Taruc pagkaraan ng matagal na pamumundok. Makikitang kinakapanayam siya nina Pangalawang Kalihim Jose M. Crisol ng Tanggulan at Tenyente Heneral Jesus M. Vargas, naging puno ng Hukbong Sandatahan ng Pilipinas, samantalang nakamasid ang ilang matataas na pinuno ng hukbo.

# NEUTRALISMO: LAKAS NA PANANGGOL NG MGA PULAHAN

SA pagtutunggali ng dalawang lakas ngayon sa daigdig —Demokrasya at Komunismo —ay ligtas kaya ang mga bansang walang kinikilingan, o neutral?

Nguni't dapat munang itanong. Talaga kayang walang kinikilingan ang mga bansang neutral?

### ANG DOKTRINA NG NEUTRALISMO

ANG Neutralismo'y isang lakas na pananggol ng Komunismo na maaaring ikasawi ng mga mamamayang mapagmahal sa kalayaan kung hindi mahahadlangan nang mabisa.

Bakit?

Sa mga bansang neutral ay ipinahihintulot ang pagtatatag ng mga embahada at konsuladong Pulahan. Ito'y ginagamit na sentro ng mga propaganda at paniniktik ng mga komunista. Ipinahihintulot din sa neutralismo ang pakikipagkalakalan sa mga Pulahan. Sa gayon, napipilitan ang malalayang bansa na makipagkumpitensiya sa mga komunista na nakapagpapababa ng halaga ng mga kalakal pagka't ang huli'y hindi gumugugol sa paggawa.


Sinasabi ng ilang mapanuligsang kritiko ng pamahalaan na mabuting maging neutral ang maliliit at mahinang bansang gaya ng Pilipinas. Nguni't isang pain lamang ito, pagka't ang mga bansang neutral ay hindi ligtas sa pananakop ng komunista.

Kaipala, sa alin mang bansang neutral ay may komunista na maaaring mahalal na pinuno ng pamahalaan. At kung magkaroon na ng kapangyarihan, ang mga kawal na Pulahan ay magpapala-



NEUTRALISMO...






Upang mahanda sa mabisang pakikilaban sa Pulahan at maipagtanggol ang Demokrasya, nagdaos ng pagsasanay sa Bangkok, Taylandiya, ang mga bansang kaanib sa "Southeast Asia Treaty Organization" (SEATO).





kas hanggang sa ibagsak ang pamahalaan.

Ayon sa pinaniniwala ang doktrina, ang Neutralismo'y nasasalig sa panalig sa Diyos; sa pagibig sa bansa, o nasyonalismo; sa Demokrasya, sa pagkakapatiran ng lahat, sa katarungang panlipunan. Nguni't bakit pinahihintulutang mabuhay sa Neutralismo ang Komunismong nagbabawal sa relihiyon?

Kung ang mga bansang neutral ay mapagmahal sa bansa, bakit kinikilala ang pamahalaang nagwawasak sa malig at tradisyon? Kung maka-Demo-



Nahulog sa kamay ng batas si Guillermo Capadocia, mataas na lider na Pulahan, nang mapatay ng mga kawal ng pamahalaan sa Kabisayaan habang lihim na nangaakit ng mga kapanalig.

krasya'y bakit kinikilala ang pamahalaang pinamumunuan ng mga diktador?

At, kung tutoong ang mga bansang neutral ay gumagalang sa katarungang panlipunan, bakit pinapayagang umiral ang Komunismo na humahamak sa karangalan ng paggawa, sa pang-aalipin sa mga anak-pawis at kumakamkam sa kayamanan upang kasangkapanin sa pananakop sa daigdig?

## MAGTATAGUMPAY ANG KALAYAAN

ANO ang pilosopiyang napapaloob sa doktrina ng Neutralismo? Ayon sa propaganda ng mga bansang neutral: "Mabuhay at bayaang mabuhay." Ito'y matatanggap ng malalayang bansa, sapagka't mabubuhay ang laning demokratiko kung babayaan sa kanilang sarili.

Nguni't sa katotohanan, ang kahulugan ng Neutralismo ay ito: "Bayaang mabuhay ang komunismo at bayaang ito lamang ang mabuhay."

At, ang doktrinang ito'y hindi matatanggap ng malalayang mamamayan upang paalipin sa Pulahan.

Hindi mabubuhay nang magkakasama ang Demokrasya, Komunismo at Neutralismo sapagka't hindi maaaring malaya at alipin ang mga mamamayan sa iisang pagkakataon.

Gaya ng sinabi ng Pangalawang Kalihim Jose M. Crisol ng Tanggulang Pambansa nang magtalumpati noong Nobyembre 3, 1956 sa di-pangkaraniwang panayam ng "Asian People's Anti-Communist League" sa Maynila, "napakaliit ang daigdig upang mabuhay na magkasama ang Kalayaan at Pang-aalipin."

Dahil dito, lahat ng malalayang bansa'y dapat magkaisa at magtulungan hindi lamang sa paninindigan sa ikapananatili ng Demokrasya kundi sa pagpapalaya sa ibang bahagi ng daigdig na nasasakop ng Komunismo.

Ang Malayang Asya ay dapat makisanib sa Malayang Europa, Aprika at Amerika sa pagtatatag ng Malayang Daigdig. Sa ganito, matatamasa ng sangkatauhan ang biyaya ng Demokrasya —ang pagsamba sa Diyos, ang pagsasarili ng pamahalaan, ang katarungang panlipunan.

Nguni't sa pagtutunggali ng dalawang lakas —Demokrasya at Komunismo —ay magtagumpay kaya ang una? Magtatagumpay. Sapagka't ang Kalayaan ay siyang tunay na likas ng tao.

## PULAHAN VS. PULAHAN


Hanggang ngayon ay patuloy ang himagsikan sa Europa. Patuloy ang pag-aaklas ng mga Unggaro sa pananakop ng Rusya. Hindi matatawarang isa sa mga pangunang layunin nila'y ito: lumaya.

Nguni't ang iba sa mga kilusang laban sa Sobyet o Rusya ay maaaring mga "pakitang-tao" lamang na ginagawa ng Pulahan upang makapagpalawak ng larangan sa malalayang bansang mapasok na ng Komunismo.

Sapagka't ang pagpapalit ng lider ng komunista sa kapuwa lider ay hindi laban sa komunismo, o maka-Demokrasya.

Si Josef Stalin ay tinuligsa ni Nikita Khruschev sa talumpating binigkas noong Pebrero 24 sa Ikadalawampung Kapulungan ng Lapiang Komunista ng Sobyet sa Mosku. Ani Khruschev: "Sinimulan ni Stalin ang patakarang 'kaaway ng mga mamamayan' ...Sa katotohanan, ang tanging paraang ginagamit sa pagalam ng kasalanan (sa

(*Buklatin sa pah.* 31)




Dalawang mataas na kagawad ng Politburo sa Pilipinas, sina Angel Baking at Semeon Rodriguez, ang nahatulan ng Hukumang Unang Dulugan ng Maynila na mabilanggo sa kasalanang pagbangon laban sa pamahalaan. Nakadamit-sibilyan, makikitang tinatanuran sila ng mga kawal mula sa bulwagan ng hukuman noong nililitis pa.

# Ang HIWAGA ng PAGKAWALA ni Ginang Palma

**Sinulat ni Tito V. Carballo**

**PANSAMANTALANG NAKAIWAS SA BATAS ANG PUMASLANG KAY GNG. ONG PALMA, DATAPWA'T INUSIG SIYA NG SARILING BUDHI HANGGANG SA KUSANG SUMUKO...**

"Tumutol at nanglaban siya... nguni't, nang siya'y maibilanggo ko sa aking mga bisig, at nang nailapat ko ang aking mga uhaw na labi sa kanyang mabangong bibig, ay naramdaman kong magtatagumpay ako sa aking hangarin, dahil sa ang kanyang mga bisig ay unti-unting pumupulupot sa akin upang lalong magkadiit ang aming katawan. Nguni't biglang-bigla ay nakaramdam ako ng matinding kirot na siyang ikinabitiw ko sa kanya, sapagka't ang kanya palang "pagbibigay" sa akin ay isang pakana lamang upang ako'y masaktan niya at nang siya'y bitiwan ko, at ito'y ginawa niya sa pagkagat sa aking dila samantalang kami'y naghahalikan! Naputol ang dila ko, at dahil sa kirot, ay biglang nagdilim ang aking paningin at siya'y bigla kong hinawakan sa leeg, at binigti sa pamamagitan ng aking sinturon hanggang sa siya'y malagutan ng hininga."

Ito, humigit-kumulang, ang salaysay ni Purisimo Cielo, 31 taong gulang, nang ipagtapat niya kay Brig. Hen. Manuel F. Cabal, puno ng konstabularya, kung paano niya pinatay si Ginang Novernia O. Palma, isang mayamang taga-lunsod ng Dabaw, at pinagsisilbihan niya bilang tsuper, nang ito'y lumaban sa kanya nang pagtangkaan niyang halayin sa isang ilang na pook sa labas ng siyudad.

Ayon kay Cielo, pagkatapos niyang patayin ang kanyang amo, ay inilagay niya ang bangkay nito sa likod ng kanyang minamanehong kotse at siya'y nagtungo sa Kotabato at doon itinapon sa isang pook na makapal ang mga talahib.

Ang krimen ay nangyari noong nakaraang Setyembre 28, 1956, at nang kumalat ang balita na si Ginang Palma ay nawawala, sampu ng kanyang tsuper at kotse, ang kuru-kuro ng mga mamamayan ay dinukot ng masasamang-loob ang mayamang ginang upang pagkatapos ay hingian ng malaking halaga si Ginoong Ricardo Palma, na isang dekano sa Ateneo de Davao at isa sa mga maysalapi sa naturang lunsod.

Pagkatapos na maipagbigay-alam ni Ginoong Palma sa mga may-kapangyarihan ang pagkawala ng kanyang kabyak, tsuper at kotse, ay sinimulan din niya ang paghahanap na naghantong sa kanya hanggang sa Misamis Oryental. Nguni't, bigo at pagod, si Ginoong Palma ay nagbalik sa Dabaw pagkatapos ng 15 araw na paghahanap, nagulo ang isip sapagka't ang lahat ng kanyang napagtanungan ay pawang nagsipagsabing hindi nakikita ang nawawala niyang asawa.

Ang mag-anak na Palma, mula nang mawala si Ginang Palma, ay hindi na nanumbalik sa dating sigla. Sila'y nagdanas ng isang Pasko't Bagong Taong sakbibi ng dalamhati lalung-lalo na ang kanilang mga anak na hinahanap-hanap hanggang ngayon ang kalinga ng mabait na ina.

Dahil sa hindi makita si Ginang Palma, at hindi naman mahinalang ito'y dinukot sapagka't hindi tumatanggap ang kanyang pamilya ng sulat mula sa mga dumukot na humihingi ng salapi, ang buong lakas ng konstabularya sa ika-3 at ika-4 na purok militar ay pinakilos ni Hen. Cabal upang hanapin ang nawawalang ginang at ang kanyang tsuper.

Ang paghahanap kay Ginang Palma at kay Cielo ay nagbunga noong nakaraang ika-11 ng buwang kasalukuyan, pagkatapos ng 3 buwan at 10 araw, nang itong huli, dahil sa takot, ay kusang-loob na sumuko sa alkalde ng bayang Cortez, Bohol, na siyang bayan niya, at nagbigay ng isang gawa-gawang salaysay na ang kanyang pinagsisilbihang ginang ay dinukot ng apat na sandatahang lalaki.

Dahil sa ang pagkawala ni Ginang Palma at ni Cielo ay nakatawag ng pansin ng buong bansa, ang Pangulong Magsaysay, pagkatapos na matanggap ang balita na sumuko ang tsuper, ay nag-utos kay Hen. Cabal na pangasiwaan ang pagsisiyasat sa mahiwagang pangyayari. Sa utos ni Hen. Cabal, si Kom. Constantino Navarro, isa sa mga pinuno ng Criminal Investigation Service (CIS) ng PC, ay lumipad sa Bohol at kinuha si Cielo at dinala sa Kampo Crame, himpilang pangkalahatan ng konstabularya, upang doon siyasatin.

Sa harap ni Hen. Cabal, inulit ni Cielo ang kanyang salaysay sa alkalde ng Cortez, Bohol, nguni't pagkatapos ng mahabang pagtatanong sa kanya, ito ay nagbago ng isip at nagsabi nang katotohanan.

Ayon kay Cielo, noong mag-iika-7 ng gabi ng Setyembre 28, 1956, tinawag siya ni Ginang Palma at ipinalabas sa kanya ang kotse, sapagka't hahanapin nila si Ginoong Palma. Pagkasakay ni Ginang Palma, ayon kay Cielo, ay iniutos sa kanya na magligid sila sa siyudad, at habang tumatakbo ang kotse, ang kanyang pinagsisilbihang babae ay tanong nang tanong sa kanya kung kilala niya ang kalaguyo ni Ginoong Palma.

Dahil sa sinagot niya si Ginang Palma na wala siyang nalalaman tungkol sa kalaguyo ni Ginoong Palma, dugtong ni Cielo, nagalit si Ginang Palma at sinimulan siyang murahin sa loob ng kotse. Pagkatapos, sapagka't tila hindi pa nasiyahan ang ginang sa ginawang pag-alipusta sa kanya, ay inalis nito ang sapatos at ipinukpok sa kanya. Nang siya'y pukpukin ng sapatos ni Ginang Palma, ani Cielo, ay na sa may tapat na sila ng kampo ng mga babaing eskaut ng Dabaw na halos na sa labas na ng siyudad.


"Dahil sa galit ko," pagtatapat ni Cielo, "ay itinigil ko ang kotse at pinagtangkaan kong agawin ang sapatos na ipinupukpok sa akin. Dahil sa pag-aagawan namin, siya (Ginang Palma) ay nayakap ko, at dito nagsimula ang hangarin kong halayin ko na siya nang tuluyan." Ayon kay Cielo, nang maibilanggo na niya si Ginang Palma sa kanyang bisig, ito ay nagpahiwatig na pumapayag sa kanyang nais. Nguni't nang magkaroon ng pagkakataon, samantalang hinahalikan niya, ay biglang kinagat

HINDI NATUTUNAWAN?



MAGKAMIT NG TUNAY NA DAGLIANG LUNAS SA PAMAMAGITAN NG MGA TABLETANG PHILLIPS' MILK OF MAGNESIA

MASARAP ANG LASA ANIMO'Y KENDY




Each tablet contains Magnesium Hydroxide, 309 gm. 19-19

ang kanyang dila na siyang ikinaputol nito.

Dahil dito, dugtong ni Cielo, ay kinuha niya ang kanyang sinturon at siya niyang ginamit sa pagbigti sa kanyang pinagsisilbihan, at nang malagot ang hininga, ay inilagay niya ang bangkay sa loob ng kotse. Pagkatapos ay nagbalik siya sa siyudad, sa kanilang tahanan, at ipinagbigay-alam sa kanyang asawa ang nangyari, na inutusan niyang magbalot ng damit at dalhin ang kanilang mga anak upang magtago.

Mula sa kanila, ani Cielo, siya ay nagtungo sa Kotabato, at pagdating sa isang nayong malapit sa bayan ng Upi, ay kinuha niya sa kotse ang bangkay na nakapulupot pa sa leeg ang ipinambigti niyang sinturon at itinapon niya sa isang pook na makapal ang mga talahib. Pagkatapos, siya ay nagtungo sa Kagayan de Oro at ipinagbili niya ang isang gomang reserba ng kotse upang siya ay makabili ng gasolina. Ang kotse, dugtong niya, ay iniwan din niya pagkatapos sa tapat ng Ateneo de Cagayan, sapagka't siya ay madaling makikilala kung ito ay dadalhin pa niya.

Magmula sa Kagayan de Oro, dugtong ni Cielo, siya ay nagtungo sa Lunsod ng Iligan at dito ay nanirahan siya nang mga ilang araw. Mula dito ay lumipat siya sa Sebu, Bohol, Leyte, Samar, at ang huling pook na pinagtaguan niya, bago siya nagbalik sa Bohol, ay sa nayong Ayugay, Esperanza, Agusan. "Dahil sa ayaw akong patahimikin ng aking budhi," paliwanag ni Cielo, "ako ay napilitang bumalik sa bayan kong tinubuan, Cortez, Bohol, at doon ako sumuko nang kusang-loob kay Alkalde Diosdado Renegado." Nguni't, dahil sa takot niyang siya'y mahatulan ng bitay kung ipagtatapat niya ang katotohanan, ay gumawa siya ng isang salaysay na siya at si Ginang Palma ay dinukot ng apat na sandatahang mga lalaki. Siya, umano ay pinalo ng baril sa ulo at si Ginang Palma naman ay inilagay sa lalagyan ng mga kagamitan ng kotse na na sa likod ng sasakyan. Nang siya'y matauhan, ang kanyang dila ay putol na. Inatasan siya ng apat na sandatahang lalaki na magmaneho hanggang sa lunsod ng Kagayan de Oro, at doon siya pinababa pagkatapos na sabihan siyang umuwi na sa kanila sa Bohol.

Dahil sa ginawang pagtatapat ni Cielo, inutusan ni Hen. Cabal si Kom. Antonio Briones, punong mediko-legal ng PC, at si Kapt. Mariano Ordoñez ng CIS na magtungo kaagad sa Kotabato upang hanapin ang bangkay ni Ginang Palma. At noong ika-14 ng buwang kasalukuyan, natagpuan ang naagnas nang bangkay ng kulang-palad na ginang sa pook na itinuro ni Cielo. Nakapulupot pa rin sa leeg ng bangkay ang sinturong ginamit ng tsuper sa pagkitil sa buhay ni Ginang Palma.

Walang nasabi si Ginoong Palma nang lumuluhang kapanayamin ng mga maykapangyarihan kundi ipinauubaya niya sa Diyos at sa batas ang naging kapalaran ng kanyang maybahay.

Samantala, si Purisimo Cielo ay nahaharap ngayon sa isang mabigat na pag-uusig. Nakahandang ipataw sa kanya ang parusa ng batas nang naaayon sa kalalabasan ng paglilitis. Marami ang humuhulang habang buhay na pagkabilanggo o dili kaya'y kamatayan ang magiging hatol kay Cielo sa sandaling mapatunayan ang mabigat niyang pagkakasala.

Ano man ang kahinatnan ng krimeng ito, iisang bagay ang tiyak na kauuwian: ang pagtanggap ng kaukulang parusa ng taong pumatay kay Ginang Palma.

At isang bagay pa rin ang pinatutunayan ng pagkapatay na ito sa mayamang ginang sa lunsod ng Dabaw: na ang krimen, kailanman ay hindi pinakikinabangan, sapagka't sa malao't madali, nakahandang lumitaw ang katotohanan upang tumanggap ng parusa ang may pananagutan!



Ipinakikita ni Purisimo Cielo, nagtapat na siyang pumatay kay Gng. Ong Palma, kay Brig. Hen. Manuel F. Cabal (kaliwa) ang kanyang dila na umano'y kinagat ng biktima at naputol ang kalahati nang pinagtatangkaan niyang halikan ang ginang. Ito ang nakapagpasulak sa kanyang dugo hanggang sa bigtihin niya sa pamamagitan ng kanyang sinturon ang babae. Nakamasid si Kom. Constantino Navarro na siyang nagsama kay Cielo sa Kampo Crame buhat sa Sebu.






# Mga Suliranin ng Puso

BINIBINING MARISSA:
Sa kasalukuyan po'y may 16 na taong gulang ako at na sa ikaapat na baytang na ng mataas na paaralan. Nakikipag-ibigan po ako sa isang kamag-aral kong may 17 taong gulang. Matalino po siya at kilalang-kilala sa aming paaralan, at dahil dito ay isang malaking karangalan para sa akin ang maging kasintahan niya. Nakakilala ko na po ang kanyang mga magulang at nadarama ko ang kanilang pagkagiliw sa akin. Sa maraming pagkakataon ay isinasama na niya ako sa kanilang tahanan. Alam ng kanyang mga magulang ang aming katayuan nguni't walang nalalaman ang mga magulang ko tungkol dito sapagka't hindi ko siya ibig papuntahin sa aming tahanan. Sa paaralan na po lamang kami laging nagkikita. Ang aming pagkakaunawaan ay hindi nagkakaroon ng gabahid mang ulap. Gayunman, isang bagay ang nagbibigay sa akin ng pag-aalinlangan sa kanyang katapatan. Ayaw niyang maghintay ng siyam na taon pa bago kami pakasal. Binabalak kong mag-aral ng isang kurso sa loob ng apat na taon pagkatapos ko ng pag-aaral sa haiskul, at pagkatapos ay tutulungan ko muna ang aking mga magulang bago ako "lumagay sa tahimik." At dahil sa pagtutol niya sa aking nais at sa mga ipinakikita ay hiniling kong putulin na muna namin ang aming pagkakaugnayan. Nguni't siya ay tumanggi. Ano po kaya ang dapat kong gawin? — *Alicia.*

MAHAL KONG ALICIA:
Inaakala kong mabuti na nga ang humingi ka muna ng "kalayaan" sa kanya, gaya ng binabalak mo, bagaman ipagpatuloy mo rin ang mabuti ninyong pagpapalagayan sa pakikisamang parang kapatid. Sa taglay mong gulang ay wari bang napakaaga pang lubha ang magbalak ng mga nararapat mong gawin pagkalipas ng siyam na taon. Magkakaroon ka pa ng mabuting pagkakataon sa paaralan kung ang pakikipagkaibigan mo sa kanya ay hindi matatalian ng isang kasunduan o tipanan. Sinimulan mo na sa maling landas ang pakikipag-unawaan sa kanya nang hindi nalalaman ng iyong mga magulang. Higit kanino man ay sila ang dapat na makabatid ng mga taong pinakikisamahan mo. Dalhin mo ang mga kaibigan mo sa inyong tahanan at bigyan mo ng pagkakataong makilala ng iyong mga magulang ang mga kaibigan mo at nang makatiyak ang mga magulang mo na ikaw ay na sa mabuting kamay. Huwag mong panatilihin ang ugaling pakikipagkita sa iyong katipan sa labas ng inyong tahanan. —*Marissa.*

—o—

BINIBINING MARISSA:
Ako po'y isang dalagang may 26 na taong gulang. Sa kasalukuyan po'y may katipan akong nakahihigit ng tatlong taon ang gulang sa akin. Mabait po siya at mapagmahal, nguni't isang bagay lamang ang hindi ko naiibigan sa kanya lalo na nitong mga huling araw. Ito po ay ang labis niyang pagka-konserbatibo. Malimit pong pinanggagalingan ng pagtatampuhan namin ang pakikialam niya sa paraan ng aking pagbibihis at pag-aayos. Ako po'y makamoderno at dahil na nasusunod ng aking mga magulang ang aking layaw ay wala akong bagay na ninais na hindi nasusunod. Nguni't malimit pong siya'y sumasalungat sa aking mga maibigan kaya't malimit na sa paglabas naming magkasama ay umuuwi kaming kapuwa may hinanakit sa isa't isa. Tama po bang sundin ko ang lahat ng nais niya para sa akin? Ako po ay inaabot na tuloy ng pagkabagot at naiisip kong makipagkalas na sa kanya yaman din lamang magkaiba kami ng "panlasa" ukol sa mga bagay-bagay. Nguni't mahal ko po siya kaya't hindi ko yata matitiis na mawala siya sa aking buhay. Tulungan ninyo ako sa paglutas ng suliranin kong ito. —*Melba.*

MELBA: Sa taglay mong gulang ay natitiyak ko namang kaya mong magpasiya na sa mga bagay na marapat at hindi marapat gawin. Hinggil sa hindi ninyo ipinagkakasundo ng iyong katipan ay ikaw na ring iyan ang higit na makaaalam kung ano ang nararapat mong gawin. Kung tapat ang inyong pagmamahalan ay ano't hindi kayo magkakaparaanan upang ang isa't isa sa inyo ay maging maunawain at mapagbigay. Lamang, ang masasabi ko sa iyo, batay na rin sa pagtatapat mong ikaw ay maka-moderno, ay ito: Hindi sapagka't tayo ngayon ay nabibilang sa makabagong panahon ay kinakailangang sumunod na sa lahat ng makita mong lakad ng panahon. Kailangang idilat mo ang iyong mata at tingnan sa iyong sarili kung ang sinusunod mong pamamaraan ay karapat-dapat o hindi. Maging matalino ka sana sa pagsunod sa makabagong panahon. Bibigyan kita ng halimbawa: Kung minsan, sa pagdadamit na lamang, nauuso ngayon ang malalaswang tabas na halos ay wala nang naitatago sa iyong katawan. Iyan ay nakapagdudulot pa ng pagkakasala sa iba, at kung magkaminsan ay nag-aanyong "mumurahin" ang may-suot, iyan ay hindi mo dapat sundin. Ang ugali ng iyong kasintahan ay maselan, at sapagka't mahal ka niya, hindi niya gustong maging kahiya-hiya ang anyo mo sa harap ng lipunan. Para sa kanya, nais niyang ikaw ay igalang ng iba gaya ng paggalang niya sa iyo. Iyan lamang, Melba, at inaasahan kong mauunawaan mo ang ibig kong sabihin. —*MARISSA.*





ISA PANG

Masaganang Taon

Maligayang 1957 sa inyo! At sa mga humihitit ng SOUTH SEA sa buong Pilipinas —salamat sa tulong ninyo upang maging masagana ang nakaraang taon. Ang SOUTH SEA ay ipinakilala sa inyo noong 1956 na naging masaganang taon! Ang SOUTH SEA, sigarilyong iminumungkahi ng dilag ng Dagat-timog na si Nana, ay suwabe at banayad. Gawing SOUTH SEA ang inyong sigarilyo!



Gawa ng Pabrikang Pinagkakatiwalaan ninyo:

INTERNATIONAL TOBACCO CO. INCORPORATED

516 Del Pan, Manila
Tels. 2-93-49; 2-93-52; 2-65-76

# Moda

*pitak ni marissa*

kagandahang-loob ni
Charito Solis at Corazon Rivas







Mga larawang kuha ng
SANTOS PORTRAITS

# Sining Ng Kasiya-siyang Pamumuhay

ni Maria Salome Tonsay

## ANG BUTIHING INA NG TAHANAN

Sa pagkakataong ito ay minsan pa naming bubuksan ang paksa ukol sa mabuting pagsasama ng mag-asawa. Kaiba sa unang paksa na natalakay na natin, ito ngayon ay may kinalaman sa matimping ugaling dapat taglayin ng babae, ayon sa ugali at gawi ng kanyang kabiyak. Isang tunay na pangyayari ang nagbunsod sa amin upang paksain ito alang-alang sa kapakinabangan ng mga mambabasa.

Si Julie ay isang babaing masasabi nating masagana. Alam ng maraming nakakilala sa kanila na ang kanyang kabiyak na si Melencio ay malakas ang kita sa pangangalakal. Kaya kinaiinggitan ng maraming ginang ng tahanan sa kanilang pook itong si Julie. Nakikita nilang laging masasarap na pagkain ang nakahain sa hapag ng maganak na ito, sunod ang layaw ng mga anak, at wala nang maaari pang hilingin si Julie sa kanilang buhay sapagka't ang lahat ay na sa kanila na —kotse, magarang bahay, madalas na pagdalo sa mga kasayahan at iba't iba pang pagtitipon. Sa biglang tingin ay maligayang-maligaya sila.

Nguni't lingid sa kaalaman ng marami, si Mang Melencio ay may lihim na hinanakit sa kanyang maybahay. Dahil sa biyayang tinatamasa ng mag-anak ay nahilig ang isip ni Julie sa pagmamalabis. Sa lahat ng bagay ay ibig niya ang mga bagay na de-primera klase. Umano'y kahiya-hiya sa mga kaibigan nila kung malaman ng mga itong sila ay bumibili ng mga mumurahing bagay. Dahil diyan, gaano man kalaki ang kitain ni Mang Melencio ay hindi rin sumapat sa kanila. At kadalasan pa, kung humihingi si Julie ng salapi kay Mang Melencio ay pabulyaw-bulyaw pa at kung hindi siya mabigyan ay masama ang loob at hindi kakitaan ng giliw ng lalaki.

Para sa isang ina ng tahanan, ang dapat na pagkaabalahan ng isip ay ang kinabukasan ng kanilang mag-anak. Dapat niyang alalahaning lagi na, na ang mga supling nila ay patuloy na nagsisilaki at kailangang paglaanan nila ang mga araw na hinaharap ng mga ito. Samakatuwid, hangga't makapagtitipid at makapag-iimpok ay dapat nilang gawin upang kung dumating ang mga araw na sila ay mahihina na ay hindi sila ngangapa-ngapa.

Itanim din sana sa isip ng kababaihan na ang salapi ay hindi madaling kitain at madaling dapuin kung kakailanganin. Mahirap humanap ng salapi. Kaya nga ang pag-iimpok ay lubhang kailangan upang may madukot kung dumarating ang pagkakataong walang kinikita ang ama ng tahanan. Lalo na sa isang mangangalakal na tulad ni Mang Melencio, dapat malaman ng kababaihan na ang kalagayan ng negosyo ay hindi laging mahusay. May mga panahong wika nga ng iba ay "inaabot ng malas", at kung abutin ito, ay nariyan na ang hirap.

Kung dumarating ang mga pagkakataong kailangan ang salapi at walang maipagkaloob agad ang ama ng tahanan, ay huwag sanang magpapakita ng sama ng loob o kaya'y pagkagalit ang isang maybahay. Sa halip, bigyan ng lakas ng loob at magiliw na paalala ang asawa upang higit na magsikap. Ang sama ng loob ng lalaki ay huwag sanang patungan pa sa pamamagitan ng mararahas na pangungusap, lalo't kung nabibigo ang kanilang nais sa pagkakaroon ng isang bagay.

Gayun din naman, dahil sa pag-iimpok at pag-iimpok ang laging kailangan ng alinmang mag-aanak, pag-aralan sana ng mga ina ng tahanan na masiyahan na sila sa mga bagay na kanilang nakakayanan. Isang kabaliwan ang gumugol ng labis sa kita upang mapantayan lamang ang isang kapitbahay o makapagmalaki sa mga ito sa pagpapahangang sila ay nakabibili ng mamahaling mga bagay.

Ang kapayapaan ng isang mag-anak ay nasasalalay lamang sa pagpapasunuran at mabuting pagpapalagayan, gayon-din sa mabuting pamamalakad ng ama't ina ng tahanan. At ang malaking bahagi ng tungkuling ito ay nakaatang sa balikat ng mga ina. Sa pagpapasunod sa kanilang kabiyak at mga anak nakikilala ang kahusayan ng isang ina sa pamamalakad ng tahanan. Nguni't ang pinakatampok na ugaling dapat taglayin ng isang ina ay ang pag-unawa sa mga bagay-bagay.

## PANGANGALAGA SA SARILI

**(Kagandahang-loob ni Nena Hermosa ng Fresco)**

**Nalulugod kami sa pangyayaring maraming dumarating na liham na nagbubuhat sa ating mga mambabasa na pawang nagsisipagtanong ng nauukol sa kanilang suliranin sa pagpapaganda. Ang mga ito ay isa-isa naming tutugunin para sa kanilang kasiyahan at nang matulungan din sila sa paglutas sa kanilang suliranin.**

**Upang higit na maganyong kaakit-akit ang inyong pilik-mata, maipapayo naming gumamit ng ng isang palitong may nakapulupot na bulak sa dulo na binasa ng langis sa buhok o kaya'y baselina na ipinapahid sa mga pilik-mata.**

**Ang bakas ng bulutong-tubig ay pansamantala lamang kaya't hindi dapat**



**ikabahala. Ito ay nababahaw sa tagal ng panahon di gaya ng tunay na bulutong. Gayon man, upang maikubli ito sa kasalukuyan, lalong makabubuting gumamit ng pundasyon o *make-up* na matingkad ang kulay kaysa likas na kulay ng inyong kutis. Tiyaking ito ay sa isang kilalang tindahan ng pagpapaganda binili. At maging sa paggamit ay tiyaking ang inyong gagamitin ay kasundo ng inyong kutis. Mayroong kutis na lubhang maselang o ang tinatawag na "allergic". Kaya subukin muna nang bahagya bago ipahid sa buong mukha, nang sa gayon ay makatiyak kung angkop sa hinihingi ng inyong kutis.**

**Ang lubhang malaking hubog ng binti ay maaaring malunasan sa pamamagitan ng ehersisyong isinasagawa bago maligo. Huminga at itaas ang isang binti. Ipalagay na ang pinakamalaking daliri ay lapis, at sa pamama-**


# NAPATUNAYANG PAGSUBOK



BAGONG TABLETANG MABILIS NA NAGDUDULOT NG GINHAWA UKOL SA SAKIT NG ULO, SIPON, PANANAKIT NG KALAMNAN, KASU-KASUAN AT TRANGKASO!

BAGONG PORMULA — MAY TATLUHANG BISA

# CAFIASPIRINA

## tuwirang lumalagos ang bisa sa Paligid ng Sikmura!

### ...sinusugpo ang kirot saan man nagmumula!




Kapag kayo'y lumunok ng pamawi ng kirot na kailangan dumaan sa sarahan ng sikmura bago makabuti, ang pagkakamit ng ginhawa ay naantala hanggang sa magbukas ang sarahan. Napag-alaman ng mga manggagamot na ang ilan sa mga sangkap ng karaniwang pamawi ng kirot ay binabalam ang pagdaan sa paligid ng sikmura.




Datapwa't paglunok ninyo ng may tatluhang bisang **Cafiaspirina** ang walang kabuluhang pagkabalam ay napaparam, di na hinihintay pang makaraan sa sarahan ng inyong sikmura bago magsimulang magkabisa. Ang mga katibayan sa panggagamot ay nagpapatunay na sa sandaling magsimulang malusaw ang tabletang **Cafiaspirina** sa inyong tiyan, ang bisa ay lumalagos sa paligid ng sikmura at sinusugpo ang kirot saan man nagmumula.

ANG 3 KAGILAGILALAS NA "PANLABAN SA KIROT" NG CAFIASPIRINA AY NAGDUDULOT SA INYO NG

**3 Ulit ng bisang pamawi-ng-kirot ng aspirin!**

WALA NG MAKAKAPARIS SA BAGONG PORMULANG MAY TATLUHANG BISANG CAFIASPIRINA UKOL SA DAGLI, HIGIT NA MATAGAL NA GINHAWA.

Alalahanin, ang **Cafiaspirina** ay nagdudulot hindi lamang isa kundi dalawang dagling nagkakabisang pamawi ng kirot, at may pangatlo pang sangkap na nagbibigay sigla, pinapawi ang panghihina, na malimit kaagibat ng kirot. Ang tatlong-sangkap na ito'y sama-sama't sabay-sabay na nagkakabisa upang magdulot ng mabilis na ginhawa. Bago ninyo malaman, ang kirot ay napawi na pati ng nakababagabag na kaagibat ng kirot.

**Napatunayan ng siyensiya na ang bagong pormulang Cafiaspirina ay napakabilis magpaginhawa...ito'y mapapatunayan din ninyo. Subukan ang Cafiaspirina ngayon, ukol sa dagli, banayad at tiyak na ginhawa sa sakit ng ulo, sipon, trangkaso at pananakit ng kalamnan.**

BAGONG PORMULA

MAY TATLUHANG BISA




# CAFIASPIRINA

3 KAGILAGILALAS NA "PANLABAN SA KIROT" SA BAWA'T TABLETA!

21-1

Each tablet contains Acetylsalicylic Acid .380 Gm Phenacetin .075 Gm Caffeine .025 Gm




MAIINAM NA PANGREGALO — Ang mga bagay na tulad ng na sa larawan ay mga pangregalong tiyak na kagigiliwan ng kababaihan at mananatiling isang alaalang hindi kukupas. Ang mahahalagang bagay na ito, tulad ng kosmetiko, pabango, sisidlan ng alahas, handbag at iba't iba pa, ay tunay na pangmatagalang gamit at mananatiling sariwang alaala sa puso ng pagbibigyan.

gitan nito ay gumuhit kunwa ng mga titik. Magsisimulâ muna ito sa mahinay hanggang sa bumilis. Gawin itong makailang ulit, saka gawin din ng kabilang paa.

Ang sipilyo ng buhok ay maaaring malinis sa pamamagitan ng pagtutubog nito sa malinis na tubig na may bula ng sabon. Paraanin ditong makailang ulit ang sipilyo bago banlawang mabuti.

Isang ginang ang lumiham na matapos diumanong mailuwal niya sa isang maliwanag ang panganay na anak niya ay lumitaw sa kanyang mukha ang mamula-mulang batik. Ang bagay na ito ay isang pangyayaring dulot ng kalikasan na tinatawag na "pregnancy pigmentation" at kahit na anong kapal ng gamot o krema ang gamitin ay hindi maaaring mabahaw. Ang maipapayo namin ay, makipagkita sila sa isang dalubhasa sa kutis upang siyang sangguniin sa kanilang suliranin.

*IWASAN ANG KAPAHAMAKAN SA LASON*

Kapapasok lamang natin sa bagong taon at gawin nating isang kapasyahan ang pag-iwas sa kapahamakan sa pagkalason sa taong ito. At bilang tulong sa aming mga mambabasa ay naito ang ilang ligtas na tuntunin upang maiwasan ang pagkalason ng sino man sa inyong pamilya:

1. Ilagay sa isang nasususiang taguan ang lahat ng mga mapanganib na salon.

2. Huwag maglalagay ng mga bagay na nakalalason o nagdiringas (tulad ng gaas, gasolina, lason sa daga, at iba pa) sa mga lalagyan ng pagkain o inumin.

3. Basahin nang buong ingat ang lahat ng etiketa at sundin ang mga "babala" roon. Kahit na ang isang bagay ay walang tatak na "lason" ay maaaring maging mapanganib kong ito ay maiinom sa maling pamamaraan.

4. Huwag maghahain o kakain ng mga pagkaing hindi karaniwan ang ahyo at amoy. Tandaang maaaring makalason ang mga ito ng mga alagang hayop sa bahay o mga hayop na ginagamit sa pagsasaka.

5. Tiyaking ang lahat ng mga lason ay malinaw na natatatakan ng panganda sa lason.

6. Kung kayo'y nagtatapon ng mga kagamitan o gamot na makapipinsala ay tiyaking sa mga pook na di maaaring maabot o makuha ng mga bata o

(*Buklatin sa pah.* 20)

NAPATUNAYAN SA PANGGAGAMOT—NA ANG . . .

**Bre-a-col** na may XYLOPOL

AY SINUSUGPO ANG UBO AT PINAPAWI PAMAMALAT

**5 ulit na lalong mainam !**



1 Karakarakang nanunuut maging sa pinakamumunting "puwang" ng mga himaymay.

2 Pinupuksa ang mga mikrobyo na nagiging sanhi ng halos lahat ng impeksyon sa daanan ng hininga.

3 Ang tanging gamot sa ubo na hindi nasasansala ng plema . . . mabisang nilulunasan ang mga bahaging natatakpan ng plema.

4 Ang panloob na bisa ay naglalagos . . . pinaluluwag ang naninikip na daanan ng hininga.

5 Ang bisang nagpapaginhawa ay pumapawi sa kirot ng masakit at nanghahapding lalamunan.

HINDI NA KAILANGANG ISIPIN kung anong gamot sa ubo ang bibilhin–*Breacol na may Xylopol* ang pinakamabilis na sumusugpo sa ubo . . *lalong mabisang* pinapawi ang ubo, panghahapdi ng lalamunan, pinaluluwag ang nangingilalim na plema sa naninikip na daanan ng hininga — *5 ulit na lalong mabisa* kaysa alinmang panlunas sa ubong nagamit na ninyo.

XYLOPOL ANG KAIBHAN, at Breacol lamang ang may Xylopol! Ang Xylopol na may kagilagilalas na bisang nanunuut, lumulunas at pumapatay ng mikrobyo ay HINDI nasasansala ng plema na gaya ng LAHAT ng ibang gamot sa ubo . . . kaya't *Breacol na may Xylopol* ang TANGING gamot sa ubo na mabisang lumulunas sa mga bahaging natatakpan ng plema!


MASARAP ANG LASA, GANAP NA WALANG PANGANIB para sa mga bata. WALANG alkohol, WALANG narkotiko. Ito ang kinagigiliwan ng lahat sa lahat ng panahon!

**Bre-a-col** na may **XYLOPOL**




PARA SA UBO, NANGHAHAPDING LALAMUNAN AT PAMAMALAT

Each fld. oz. contains Ext. of white Pine Comp., 1.102 gm.; Fluidextract of Horehound, 0.521 gm.; Glucose, liquid, 92.509 gm.; Menthol, 0.068 gm; Salicylic Acid, 0.014 gm.; Chloroform, 0.416 ml.; Oil Pine Tar, 0.033 ml.; Soluble Saccharin, 0.003 gm.; Caramel, 1.500 ml.; Ammonium Chloride, 1.260 gm.; Honey, 4.375 ml.; Oil of Eucalyptus, 0.130 ml.; XYLOPOL, Brand of Hexylresorcinol, 0.100 gm.; Distilled Water q.s. 100.00 ml. 21-2



# PARISUKAT NA LONA

**HINUBOG NIYA SI DAVID UPANG MAGING ISANG KAMPEON AT SA GAYO'Y MATUPAD ANG NABIGO NIYANG PANGARAP, NGUNI'T SIYA'Y NABIGO DAHIL SA ANAK NIYANG DALAGA**

ni LORETO P. RAMIREZ

SA pagkakaupo sa tabi ng ring ay naririnig ni Mang Ofre, dating kampeon at ngayo'y manedyer ng bantog na si Little David, ang sigawan ng makapal na taong sumasaksi sa labanang Little David-Flashy Rigor.

—*Fight*, Rigor... *fight!* Meron bang kampeong ganyan?

—Ano, David, pasukin mo na. Ano pa'ng hinihintay mo?

Napailing si Mang Ofre. Ikatlong raun na iyon ng labanan at hindi pa nagbabago ang kalamigan ni David. Tila kapwa ilag sumapol sa isa't isa ang dalawang naglalaban. At batid ni Mang Ofre na nangangamba nga si Flashy Rigor. Malakas manuntok si David. Nakita niyang napasuray si Rigor nang abutin kangina sa ikalawang raun ng dalawang magkasunod na suntok ni David. Hinihintay sana niyang sundan ni David ang nagpaurung-urong nang kalaban, nguni't hindi nito ginawa ang gayon.

Hindi siya naniniwalang nangangamba rin si David. Batid niyang may pagtitiwala ito sa sariling kakayahan sapagka't mula nang tumuntong sa ring ay hindi pa nakararanas matalo. Lahat ng laban ni David ay ipinanalo sa pamamagitan ng *K.O.* at *T.K.O.* Nguni't hindi niya maitanggi sa sariling pinangangambahan niya ngayon ang napapansin niyang katamlayan ni David.

Inihudyat ng kampana ang pagtatapos ng raun. Nilapitan kaagad ni Mang Ofre si David.

—Ano pa'ng hinihintay mo? —May pagkainip sa tinig ni Mang Ofre. —Bakit ka ayaw pumasok? Lumaban ka nang sabayan at natitiyak kong hindi siya tatagal. Mapatutulog mo siya.

Nang ihudyat ng kampana ang pagsisimula ng ikaapat na raun at muling pagitna sa ring si David ay hindi na nasubaybayan ni Mang Ofre ang galaw nito. Naglalakbay ang kanyang isipan.

Nagugunita ni Mang Ofre na nagsimula ang gayong pananamlay ni David nang dumating isang araw sa *gym* na pinagsasanayan nito ang asawa ni Kid Velarde. Si Kid Velarde ay isang boksingerong hindi pa naman katandaan nguni't ang wika nga'y "palubog na" sapagka't nakasikat na. Tumanggap si Kid Velarde ng matinding parusa sa kamay ni David noong huli nilang laban. Nalinsad ang panga ni Kid Velarde, at ayon sa balita ay hindi na maaaring maglaro pa.

Kasama noon ng asawa ni Kid Velarde ang dalawang maliliit na anak nang pumunta sa *gym* na pinagsasanayan ni Little David.

—Ganyan nga, magsanay kang mabuti... para sa susunod mong laban ay mapatay mo naman ang kalaban mo, —hindi nakatiis na sigaw ng asawa ni Kid Velarde.

Nakita ni Mang Ofre na napatigil noon ng pagsuntok sa *punching bag* si David. Nilapitan nito ang babae nang makilala iyon.

—Ikinalulungkot ko, Misis, —malumanay na wika ni David. —Paniwalaan ninyong labis kong dinaramdam ang nangyari sa inyong asawa. Nakikiramay ako...

—Nakikiramay! —gagad ng babae, at hindi na nito napigil ang pag-iyak. —Masasapatan ba ng pakikiramay mo ang pighating idinulot mo sa amin? Mapakakain ba ng pakikiramay mo ang mga bibig na itong sa kanilang ama lamang umaasa ng ikinabubuhay? Ikaw ang nagwasak sa kanilang kinabukasan!...

Natingnan noon ni David ang dalawang batang kasama ng asawa ni Kid Velarde. Hindi na nagsalita pa si David, nguni't nakita ni Mang Ofre na gumalaw ang panga nito at kumurap-kurap ang mga mata.

Inilayo ni Mang Ofre ang asawa ni Kid Velarde.

Pagkaraan noon, nang makausap uli ni Mang Ofre ang kanyang alagang boksingero, ganito ang sinabi ni David: —Ayaw ko na yatang magboksing. Palagay ko'y hindi para sa larong *sport* ang aking lakas. Nangangamba akong makamatay balang araw...

Napatawa noon si Mang Ofre.

—Mahalagang puhunan ang lakas mo, David, —aniya. —Iyan ang magaakyat sa iyo sa tagumpay. Balang araw ay magiging kampeon ka. Paniwalaan mo ako.

—Nakatagpo ko si Bill Basco, kahapon, —wika ni David na hindi pinansin ang sinabi ni Mang Ofre. —Hindi na rin pala siya makapaglalaro, tulad ni Kid Velarde. Tuluyan pala siyang nabalda noong huling laban namin. At naiisip kong may mga anak din siya, paris ni Kid Velarde.

—Bago ka pa lamang sa boksing kaya ka ganyan. —At tinapik ni Mang Ofre sa balikat si David. —Ganyan din ako noong araw. Nguni't naiaagpang ng tao ang kanyang sarili sa uri ng buhay na para sa kanya. Ang boksing ang aking daigdig, at ito rin ang daigdig mo. Ngayong hindi na ako maaari sa ring ay para kong nakikita sa iyo ang patuloy na katuparan ng aking mga pangarap.

—Nguni't...

—A, basta huwag kang mag-isip ng anuman, —patapos na wika ni Mang Ofre. —Ang pagsasanay ang pagbutihin mo. Alalahanin mong nakapirma na tayo sa kontrata para sa laban ninyo ni Flashy Rigor sa kampeonato. Kung maagaw mo na sa kanya ang korona, naniniwala akong pasasalamatan mo pa ako sa di ko pagtutulot na magbago ka ng isip.

Pinukaw sa pagdidilidili si Mang Ofre ng narinig niya ang padyak ng mga tao na tila itinotono sa isang tugtugin. May narinig siyang sumigaw ng "Hoy, magmambo na lang kayo!" At napakamot sa ulo si Mang Ofre nang mapagmasdan niya ang paggigirian lamang at pagbibigayan ng mga diyab ng dalawang naglalaban sa ring.

Mainit na ang tinig ni Mang Ofre nang matapos ang raun at magbalik sa kanyang sulok si David: —Kung wala kang malasakit sa laban mong ito, gunitain mo man lamang na dapat mong ipanalo ito alang-alang sa akin at sa mga hirap na ginugol ko upang ikaw ay mahango sa aba mong katayuan at tanghalin ngayon.

Nakita ni Mang Ofre na tumigas ang mukha ni David. Batid niyang dinamdam nito ang kanyang panunumbat, nguni't hindi niya iyon pinagsisihan. Kailangan niyang pukawin ang init sa puso ni David.

SI DAVID ay dating kargador sa piyer. Nang minsang mapadaan sa pinagtatrabahuhan ni David si Mang Ofre, nakita niyang pinagtutulungan ang binata ng tatlong tao. Naigupo ni David ang mga kalaban. Inalok ni Mang Ofre na magboksing si David, at dagli naman nitong

*(Buklatin sa pahina 17)*

**Nabuhay siya sa isang daigdig na magulo ang galaw ng buhay at tigib ng kaingayan, at nang sandaling nakatalaga na siyang tumakas sa kaingayang yaon ay nakadama siya ng luwalhati**

# mga KAINGAYAN

ni MARIO NIEVES



NATAKPAN ni Mel ng kanyang mga palad ang dalawa niyang tainga habang pabalikwas na napabangon sa makitid na tablang kinahihigaan niya sa kanyang selda. May iniiwasan siya: ang mga gunita ng mga pangyayaring nagsasangkot sa kanya at sa maraming nilikhang naging pakay niya sa kanyang mga pagkilos sa magugulo at matataong pook. Sa mga pook na iyon siya naglulumagak sa buong maghapon. At ang mga pangyayari roon... ang mga kaingayang naganap, ang isa-isang nagbalik sa kanyang gunita. Hindi niya maiwasang pagbalikan ang mga bakas na yaon, kahit na sa bawa't paggunita niya roon ay parang dinuduro ang kanyang pandinig. At sa kahuli-hulihang alaala ng mga kaingayang yaon ay napatungo siya't mariing nagpikit ng mga mata.

Ilang sandali pa'y ngingiti-ngiting nagtaas ng ulo si Mel. Malapit nang malutas ang suliranin niya sa nang-uusig niyang budhi. Ang kalutasang iyon ang kanyang pinakahintay-hintay at pinakaisip-isip sa buong gabing hindi niya itinulog. Malapit na siyang makaiwas sa nakatutulig na gunita ng mga kaingayan.

Nagtindig si Mel. Marahan ang pagkilos niya at nabadha na sa mukha niya ang kapayapaan ng kalooban. Tumanaw siya sa labas ng bintana ng selda. Tahimik pa ang paligid. Hindi pa nakasisikat ang araw.

Di tulad nang umagang yaon, noon ay sa magulong pamilihan ng Dibisorya nasasaksihan ni Mel ang kanyang sarili. Hindi pa ganap na nag-uumaga ay naroroon na siya't naghihintay sa pagdami ng tao. Naghihintay siya sa pagdagsa ng mga mamimili na magbubukas ng pagkakataon para sa kanya.

Sabay ng pagiging magalaw ng pamilihan ay maghahari ang kaingayan Sa lahat ng dako ay may magtatawaran, magbibilihan, magsusuklian at muling maghihintayan sa pagkakasundo sa halaga ng mga nagtitinda't mga mamimili. Ito ang inaasam-asam na kaguluhan ni Mel. Magpapalibut-libot siya sa loob ng pamilihan. Mamanmanan niya ang mga abalang tindera sa pagharap sa mga mamimili. May mga pagkakataong ang mga tinderang iyon ay lubusang makalilimot magtapon ng pansin sa kanilang paninda. Yaon na ang pagkakataon ni Mel. Dadaan siya sa malapit sa mga paninda at mapapabilis sa paglakad pagkalagpas doon.

Magpapatuloy siya sa paglalakad hanggang sa makasilay siya ng mga mamimiling may lubhang malalaking basket o ano mang sisidlan ng mga napamili. Sa pagtawad o pagtunghay sa ibang paninda, ang mamimili ay mapapatalikod sa ibang napamili na niya. At mabilis na kikilos si Mel. Habang patuloy na siyang lalakad na papalabas ay marami ang gigitgit sa kanya o kaya'y kusa niyang gigitgitin. Malayu-layo na siya at may mga bitbitin na bago niya bahagyang mauulinigan ang mga namumukod na tinig na mangingibabaw sa naroroong kaingayan:

*Naku! Ang dalawang bangos ko! Malalaki pa naman, nawala! Magnanakaw!*

*May tumangay sa napamili kong isang salop na bigas...! Pulis... pulis...!*

*Pitaka? Aba, hindi hu ako ang kumuha! May nakita hu akong sumagi sa inyo kangina, a!*

Nakangiting lilingon si Mel. Sa tabi niya'y mayroon pa ring umuusal: *Walang habag... walang habag!*

Isang bahay na inuupahan niya ang kanyang tutuluyan. Naghihintay na roon ang dalawa niyang kapatid. Nakatatanda siya sa mga iyon. Malugod na sasalubong ang mga kapatid niya at titingnan ang kanyang uwi. Pagmamalasin lamang niya ang ikikilos ng mga iyon. Matagal bago magkasundo ang dalawa niyang kapatid.

*Sige, Dora, magsaing ka na't maghahanda ako ng panggatong. Pero sa akin ang malaking bangos, ha? Babae ka naman, e.*

Muling bababa ng bahay si Mel. Iiwan niya ang mga kapatid. Hindi na siya nakikisalo sa pinaghahatiang pagkain.

Mabilis siyang tutungo sa isa pang pook na laging pinagdarayo ng mga mapaglustay ng salapi. Sa pagbungad pa lamang niya sa may pagpasok ay malakas na hiyawan na ang sasalubong sa kanyang pandinig.

*Logro diyes...! Logro diyes...!*

*Sa pula!... Sa pula...! Sa puti!...Sa puti...!*

*Apatnapu! Kasado!*

Matagal na lalagi si Mel sa sabungan. Hindi siya nakikiisa sa nagsisihiyaw. Nguni't nakikilahok siya sa bawa't indayog ng kilos sa nagsisikip na sabungan. Sa mga sandali ng pagbabayaran... sa mga sandali ng pagpupustahan... sa mga sandali ng hiyawan habang nagsasagupa ang mga kampon ng mga manabong — ito ang mga sandaling hinihintay ni Mel. At hindi pa natatapos ang sabong sa hapong yaon ay lalabas na si Mel. May iniingatan siya sa kanyang kamay.

*Aba, hindi... hindi mo pa ibinibigay ang pusta mo!*

*Natalo na ako e gusto mo pa akong dayain! Ulol!*

Mapapakagat-labi siya nguni't may kagalakang masisilay sa mga labing iyon habang humahakbang siyang papalayo sa sabungan... at papalayo rin sa mga kaguluhan at kaingayan.

SUMAYA ang mukha ni Mel sa pagkakatanaw niya sa labas ng kanyang selda. Tahimik pa rin ang paligid —kasingtahimik ng mga umagang hindi pa siya lumalabas sa kanyang pinaninirahanan. Nguni't hindi kasing tahimik ng isang umagang mga katok ng alagad ng batas sa pinto ang gumising sa kanya. Nagulat siya noon, nguni't naalaala niyang wala siyang narinig na namamayaning tinig nang lisanin niya ang liwasan ng Quiapo nang sinundang hapon.

Dati-rati, tuwing hapon, siya'y maglulumagi na sa may liwasan ng Quiapo pagkatapos ng iba niyang *gawain*. Nagpapalibut-libot siya... sa dakong tawiran, sa tabi ng simbahan, sa tapat ng mga tindahan, sa malapit sa paradahan ng sasakyan. Sa mga pook na ito siya naghihintay ng kanyang pagkakataon. Alam niyang sa Quiapo nagkakasama-sama ang iba't ibang uri ng tao... mayaman at mahirap... marunong at mangmang... maingat at bulagsak... katutubong Manilenyo at mga tubong-lalawigan. Marami siyang nakikitang pagkakataon. At ang pinakamahusay ang pinipili niya.

Makikiisa siya sa mga umpukang nagkakaingay. Kung saan maraming nag-

(Buklatin sa Pahina 19)

# DAMBANA at Pangako

nina MARTIN P. PANTALEON at GREGORIO R. FLORENCIO

(Ika-19 na Labas)

BAGAMAN lihim na inaasam na dumating para sa kanya ang gayong mga liham ay napamangha rin si Aida sa pangalang natunghan niya sa hawak na mga sobre: **Eduardo Santos.** At waring hindi makapaniwala, naulgan niya ang nakamata lamang na si Inday.

—Matagal na ba sa iyo ang mga ito? —naitanong niya.

—May dalawang linggo lang ngayon, senyorita. Sund-sunod hu kung magsidating ang mga 'yan, e. —Huminto si Inday sa pagsasalita at nakitunghay sa mga nakasulat sa mukha ng mga sobre. —Kanino hu ba galing?

Manawa-nawang na hawakan ni Aida ang isang kamay ni Inday.

—Sasabihin ko sa iyo, pero h'wag mong masasabi-sabi kahit kanino, ha?

—Ay, sus, mamatay man hu ako, senyorita... —ani Inday. —Kanino nga hu ba 'yan?

—Ang mga ito ay buhat sa isang bago kong kakilala... Ang pangalan niya ay Eduardo Santos...

—'Yun hu bang...?

Hindi na naituloy ni Inday ang kanyang sasabihin pagka't nahalata niyang umiiwas si Aida na mapag-usapan nila yaon. Matapos makapagpasalamat ay nagpaalam si Aida kay Inday.

—Baka madatnan pa tayo ng mga Tiyang, —sabi pa ni Aida bago lumabas sa silid ng utusan.

Si Inday ay naiwang nagmumuni-muni.

Sa sariling silid niya nagtuloy si Aida. Tinunghan ang nangakasulat sa mga sobre at nang makita ang may pinakamatagal nang petsang tatak ng koreo ay binuksan iyon.

Ang pambungad ng liham na yaon ay pangkaibigan lamang. Gayondin ang mga pananalita. Nguni't sa pagbabasa ni Aida ay nadarama niya ang damdaming nakukuyom sa bawa't kataga. Kaya sa puso niya ay iba ang tumitigib na damdamin, hindi ang kahulugan ng mga katagang yaon...

Sa liham na yaon ay naglahad lamang si Eddie ng mga pangyayaring naganap sa kanila ng mga kaibigan nilang sina Ramon at Chit.

Ang pamamaalam ng liham ay pangkaraniwang-pangkaraniwan lamang: **Sincerely yours.**

Nguni't hindi nakatiis na hindi ulit-ulitin ni Aida ang pagbasa sa pahabol: **Sana'y huwag magkakaroon ng dahilan kailanman upang hindi ka makapasok at hindi tayo mag-abot-tanaw man lamang.**

Hindi niya maipaliwanag sa sarili ang kahulugan niyon; nguni't malinaw sa kanyang pangunawa... malinaw niyang nadarama.

Sa ikalawa at ikatlong liham ay halos gayondin ang natunghayan ni Aida. Sa mga sobreng may iba't ibang hugis at sukat siya nakapansin ng malaking pagkakaiba. Ang mga yaon ay naglalaman ng mga tarhetang nagpapahayag ng masisidhing damdamin ng paggunita sa kanya ni Eddie sa tuwina. Ang isa'y nagsasaad ng ganito sa tagalog: **Luwalhating guni-gunitain ka sa tuwi-tuwina; at lalong luwalhati na mabatid mong laging alaala kita.**

Nakalimot sa sarili, nakuyumos ni Aida sa kanyang dibdib ang mga liham; saka pinagtutunghayang muli ang mga iyon.

Nguni't sa kanyang pagbabalik-basa sa mga iyon ay siyang pagkiriring ng telepono. Nagmamadali niyang iniligpit ang mga hawak sa isang kahitang may sadyang taguan sa kanyang tukador at halos patakbong pumasok sa kabahayan. Dinatnan niyang sinasagot ni Inday ang tawag. At nang malingunan siya nito'y iniabot sa kanya ang awditibo.

—Si Chit, ho, —sabi pa ni Inday bago tumalikod.

—Ano?... Ano ba'ng nangyayari sa iyo at.... hindi ka raw lumalabas sa iyong silid? —bungad ni Aida kay Chit.

—..........

—Sinasabi ko na nga ba... Kundangan naman, e... Bakit ka uminom... Bakit mo pinagbigyan ang salbaheng iyon... Alam na babae ka, aalukin ka ng alak...

Sa kanilang pag-uusap ay walang nahihiwatigan si Aida. Wala ang kanyang pansin sa pagsasalita ni Chit. Umaapaw ang kagalakan sa kanyang puso dahil sa mga liham ni Eddie. Nguni't yaon ay tinitimpi niyang ipahayag kay Chit... Pinagbabawalan siya ng pangingiming di niya mawari.

—Ano, tila may iniisip ka... Hindi ka na sumagot, —untag niya kay Chit na ilang saglit na di umimik sa kabilang dulo ng kawad. —Bakit, masakit pa ba ang ulo mo?

—..........

—Oo... bakit ngayon mo lang ba nalaman.... Kanina pa nga ako tumawag sa iyong Mama... Sabi nga'y....

—..........

—Gayon pala'y bakit hindi mo ako tinawagan kaagad?

—..........

—O, hindi na bale... Baka may ginawa kang mahalagang bagay...

—..........?

—'Yon nga ang dahilan kung bakit ako tumawag sa iyo kanina, e... Hinahanap kang mabuti ni Ramon!

—..........?

—'Ba, ewan ko... Pero may ipinasasabi siya sa iyo. Kinukumbida raw nila uli tayo sa isang **party.**

—..........?

—Hindi niya sinabi kung kailan... Matagal pa raw naman... Saka alam mo, may ipinasasabi pa si Ramon sa iyo, Chit.

—..........?

—Na kung hindi ka rin lang daw dadalo at hindi ikaw ang makakapareha niya, e, hindi na rin daw siya pupunta... ehem!

—..........!

—O, tingnan mo, ito... Nagbibiro lang, e...

—..........

—O, sige, baka masakit pa nga ang ulo mo, e...

—..........?

—Ha, e... —Si Aida'y kinabahan at napaisip. Itinanong sa kanya ni Chit kung kung siya'y papasok kinabukasan. Naaalaala niya ang mga liham ni Eddie, ang mga nilalaman ng mga iyon. —Ha, e... Hindi seguro, Chit... Hindi...

—..........?

—Bayaan mo't saka ko na sasabihin sa iyo... Sa ibang araw lang, ha? Hindi pa lang ako handang ipagtapat sa iyo.

Nang maipinid ang telepono'y nangingiti-ngiting tinungo ni Aida ang isang supa. At nagulat pa siya nang noon lamang niya mamalayang naroon na pala ang kanyang tiyang

(*Buklatin sa pah.* 20)

**Dahil sa di nila akalaing lakad ng mga pangyayari, si Ginoong Buenaflor ay bumuo ng marahas na balak**



ANG NOBELANG ITO AY KASALUKUYANG ISINASADULA ARA[illegible] RAW MALIBAN KUNG LINGGO SA HIMPILANG D Z M Y [illegible] ng Radio MULA S[illegible] GGANG IKA-11:45 NG UMAGA.




**Nagsisimula tayong tumunghay sa marikit na kasaysayan ng isang mag-anak na kaipala'y larawan din ng ating sarili at ng mga mahal natin sa buhay**

SA tabing dagat, sa gawing kanluran ng dikit-dikit na pulutong ng maliliit na bahay sa purok ng Tundo, dalawang bata ang magkatabing nakaupo sa batuhang baybayin.

—Baka mapalo ka na naman ng Tatay mo, —sabi ng batang babae sa katabing lalaki. —Maaatraso ka na naman ng uwi ngayon.

Hindi kumibo ang batang lalaki. Idinako niya ang tanaw sa kalawakan ng tubig na dinarantayan ng silahis ng araw na malapit nang lumubog.

—Baka magsumbong sina Victor, —ulit ng batang babae. —Baka sabihin nila ni Fred sa Tatay mo na nagpahuli ka pa sa pag-uwi.

—Pag nagsumbong sila'y... —May pagbabanta sa tinig ng batang lalaki. Inilapag niya sa bato ang hawak na kuwaderno at aklat. Mahigpit na nakuyom ang kanyang mga palad.

—Bakit, ano'ng gagawin mo sa kanila?

—Bubuntalin ko.

—Pero... kapatid mo sila...

—Kahit na. Pag nagsipsip sila sa Tatay... makukuha nila.

May labinlimang taong gulang lamang ang batang lalaki, nguni't sa kanyang mukha at nakakunot na noo ay nababakas ang katauhang pinatigas ng mga karanasang tinanggap mula pa sa kamusmusan.

—Mag-usap pa tayo, Linda, —wika ng batang lalaki. —Maaga pa naman. Sabay na tayo sa pag-uwi, mayamaya. Basta... basta ayaw ko pang umuwi agad.

—O, sige. Kuwentuhan mo ako ng mga napag-aralan n'yo sa klase. 'Yong paris ng mga ikinukuwento mo sa 'kin. 'Yong 'ka mo'y sayans ang tawag doon...

—Science. Itinuturo sa amin iyon sa **second year.**

—Oo. 'Yon nga. 'Yong tungkol sa mga bituin. Sabi mo, araw din ang mga bituin. Kaya lang 'ka mo maliliit e dahil sa malayo. Sabi mo pa, meron ding ibang daigdig sa itaas na paris ng ating mundo. E, meron bang tao roon, ha, Mario?

Napatawa si Mario. —Walang sinumang nakaaalam. Pero maaari. Iyon ang sabi ng titser namin sa **science.** Maaaring ang ibang mga bituin ay may mga planetang katulad ng sa ating araw, at maaaring may mga tao rin doon. Iba nga lang siguro ang anyo kaysa atin.

Nagbuntunghininga si Linda. —Siguro kung hindi namatay ang Tatay ko, pag-aaralin niya ako. Nahihili ako sa 'yo, Mario. Pinag-aaral ka ng Tatay mo.

Kumulimlim ang mukha ni Mario. Hindi siya umimik.

—Ano ba'ng sabi ng Tiyong mo... —mayamaya'y wika ni Mario, —talaga bang hindi ka na raw niya mapag-aaral?

Umiling si Linda. —Sabi niya... kulang pa raw ipagpakain sa amin ng Nanay ko ang kanyang kinikita. : bakit pa raw ako mag-aaral? Tama na raw ang natapos kong **grade six.**

—Pareho lang naman silang kargador sa piyer ng Tatay ko, a. Bakit kaming magkakapatid, napag-aaral ni Tatay?

Muling umiling si Linda. Lumungkot ang kanyang mukha.

—Mabuti pang hindi na nag-asawa uli ang Nanay ko... sa Tiyong...

—Mabuti pa nga, —ayon ni Mario. —Noong araw, hindi ka napapalo ng Tatay mo. Pero ngayon, malimit kang mapalo ng Tiyong mo.

Kumurap-kurap si Linda.

—Kung minsan nga, ayaw ko na ring mag-aral, e. Nagagalit lang sa akin si Tatay. Pinapalo niya ako pag ayaw kong pumasok. Sabi niya'y matalas ang ulo ko kaya dapat akong mag-aral. Pilit daw niyang igagapang ang pagpapaaral sa aming magkakapatid. Pero.... ewan ko ba... naiisip ko lang na maraming katulad ko ang hindi makapag-aral... isa ka na nga ... Naaalala ko no'ng maliit pa ako... samasama tayong namumulot sa mga basurahan. Parang... parang hindi ko matanggap ang hangarin ni Tatay na maiba ako sa inyo ... tuwing makauwi ako ng bahay mula sa iskul... nakikita ko ang ayos ng aming pamamahay... ang aming kahirapan... naririnig ko ang laging pagsasabi ni Tatay na na sa aming magkakapatid ang kanilang pag-asa... lagi niya kaming inaapura... mag-aral... mag-aral... mag-aral!... Para bang nasa pag-aaral lamang ang aming katubusan. Ewan ko... basta nadarama kong tumutol ako... hindi ko naiibigan ang ako'y laging apurahin, paghanapan... na para bang ang mga ginagawa rang... parang ibig kong ko'y hindi pa sapat. Palumayo. A, ewan ko nga ba...

Namimilog ang mga matang napatingin si Linda sa kausap.

—Hindi 'ata kita maintindihan, Mario...

Tumawa si Mario. —Huwag mo ngang intindihin ang sinabi ko. Maski ako, hindi ko rin maunawaan ang sarili ko, e.

Ginambala sila ng narinig nilang kaingay ng mga batang nagsidating. Lumingon si Mario. Kilala niya ang tatlong bata. Si Kulas, ang pinakamalaki sa mga iyon, ay kasinggulang niya at kasabay niyang lumaki sa kanilang purok na iyon. Maliliit ang dalawang batang kasama ni Kulas, kaypala'y makakasinggulang ng kanyang bunsong kapatid na si Victor.

—Aba, eto pala si Linda, e, —sabi ng isang bata. —Hindi ba hinahanap mo si Linda, ha, Kulas?

—Oo nga, e, —ayon ni Kulas.

—Pero naunahan ka na 'ata ni Mario, —sabi ng isa. —NiliLigawan 'ata n'yan si Linda, e. Lagi ko silang nakikitang magkasama.

—Asawa... asawa ni Mario... —panunukso ng unang bata kay Linda.

Nakitukso na rin si Kulas, at mayamaya pa'y umiiyak na si Linda.

—Tingnan n'yo ang inyong ginawa, —galit na wika ni Mario. —Pinaiyak ninyo si Linda.

—E ano ba sa 'yo?— tugon ni Kulas. —Galit ka ba?

Hindi kumibo si Mario. Nakatiim-bagang na nilapitan niya si Kulas at walang sabi-sabing binigwasan ng isang tuwid sa panga. Bumulagta si Kulas. Nagsigawan ang mga kasama nito, nguni't hindi naman makatulong sa-



pagka't natatakot kay Mario.

Bumangon si Kulas, at isa na namang tuwid ang nagpabagsak sa kanya. Nagpahinga lamang siyang sandali, at muling sinugod si Mario. Niyapos niya ito. Nagpagulung-gulong ang dalawa. Nang magkalas ay bumangon at nagpalitan ng mga suntok. Mayamaya pa'y may dugo nang umaagos sa mukha ni Kulas. Nabuwal siya. Kinubabaw ni Mario at pinaulanan ng mga suntok sa mukha.

—Suko na ako. Suko na ako, Mario! —humihingal na sigaw ni Kulas.

Nilargahan ni Mario ang kalaban. Pinahid ni Kulas ang dugong kumalat sa kanyang mukha nang makabangon. Walang kibong lumayo ang barkada.

—Napunit ang damit mo Mario... Baka kagalitan ka ng Tatay mo, —nag-aalaalang wika ni Linda.

—Hindi bale. Sanay naman akong mapalo. —Walang sigla ang tawang ibinuntot ni Mario.

Tinalunton ng dalawang bata ang landas na patungo sa pulutong ng mga bahay na malapit sa baybay-dagat. Ilan pang sandali't na sa loob na sila ng makipot at lubak-lubak na iskinitang napapangkol ng mga tahanang karamihan ay giray na.

Huminto ang dalawa sa tapat ng isang dampang nabububungan ng pawid at nadirindingan ng kalawanging yero. Iyon ang tahanan nina Linda. Natanaw ni Mario na nakadungaw sa bintana ang Tiyong ni Linda, ang asawang kauli ng ina nito. Mabalasik ang mukha ng lalaki. Matalim ang pagkakatitig nito sa kanila. Nang tingnan ni Mario si Linda ay nakita niyang nawalan ng kulay ang mukha nito.

—D-diyan ka na, Mario. —Nanginginig ang tinig ni Linda, at may init na biglang naglatang sa katauhan ni Mario.

Pumasok sa tarangkahan si Linda. Nang mawala ito sa makapanhik ng bahay ay dahan-dahang humakbang si Mario na pauwi sa kanilang tahanan na kalapit lamang ng kina Linda. Wala siyang sigla. May isang di-mawaring damdamin na lumulutang sa kanyang kamalayan. Yaon din ang damdaming nadarama niya tuwing siya'y uuwi ng bahay, galing sa paaralan.

Dukha rin ang tahanang pinasok ni Mario, malaki-laki lamang nang kaunti sa bahay nina Linda. Dinatnan niya sa itaas ang kanyang ama. Kumunot ang noo niyon pagkakita sa kanya.

—Saan ka ba nanggaling, bata ka? Bakit ngayon ka lang umuwi?

Tuwid na sinalubong ni Mario ang titig ng kanyang ama. Hindi nagbabago ang kulay ng kanyang mukha.

—Tingnan mo ang ayos mo. Bakit napunit ang damit mo? Lumaban ka na naman siguro ng away, ano?

Walang pangungusap na namulas sa mga labi ni Mario.

—Talagang wala kang kadala-dala, bata ka. Hindi ko malaman kung paano kita patitinuin. Kangina pa nakauwi ang mga kapatid mo. Sabi nila'y magkakasabay kayong umalis sa eskuwelahan. Pero pinauna mo na raw sila. Nagtuloy ka raw sa tabing dagat. Hindi ko malaman kung ano'ng ginagawa mo roon. Lagi namang doon ka nagpupunta pag naaatraso ka ng uwi...

—Nariyan na ba si Mario, ha, Karyas? —Tinig iyon ni Aling Inggay, ang ina ni Mario. Nang tumingin si Mario sa pinto ay nakita niya ang kanyang ina na pumapasok mula sa kusina.

—Eto... ang magaling mong anak, —ani Mang Karyas, at muling hinarap si Mario. —Lumaban ka ba ng away kaya napunit ang damit mo?

Tumango si Mario.

—Ang batang ito... talagang... —Basag ang tinig ni Aling Inggay. —Wala kang kadala-dala.

Tumindig si Mang Karyas. Pumasok sa silid. Nang bumalik ay may hawak nang sinturong katad. Alam na ni Mario ang kahulugan niyon. Hindi na niya hinintay na utusan pa siya ng ama. Walang kibo siyang dumapa sa sahig. Tatlong maririing hagupit ang tinanggap ng kanyang puwit. Pagkatapos niyon ay ang pangangaral ng kanyang ama.

—Hindi ko na sasabihin sa iyo kung bakit kita pinalo. Alam mo na. Alam mo nang tuwing makagagawa ka ng pagkakamali ay pinarurusahan kita. Huwag mong isiping hindi kita minamahal kaya kita ginaganito. Mahal ko kayong mga anak ko kaya nais kitang patinuin. Kaya sa kabila ng ating kahirapan ay iginagapang ko ang pagpapaaral sa inyo. —Pero... bigo yata ako sa iyo, Mario... oo... bigo yata ako...

Nang sulyapan ni Mario ang kanyang ama ay nakita niyang wala na ang pangungunot ng noo nito. Kukurap-kurap si Mang Karyas. May pagkapagal na inihahayag ang mga mata.

—Ibang-iba ka sa mga kapatid mo. Sabi ko pa naman sa aking sarili... na sa iyo ang aking pag-asa pagka't ikaw ang pinakamatalino sa lahat ng anak ko. Ikaw ang pinakamatanda. Ikaw ang inaasahan kong magpapamata sa kanila ng kabutihan. Pero... taglay mo ang lahat ng kasamaang kinamumuhian ko. Nagsusugal. Naglilimayon. Ni hindi ka maasahang tumulong sa ina mo sa mga gawain sa bahay...

Marami pang sinabi si Mang Karyas. Pagkatapos ng pangangaral nito, lumabas si Mario. Dinatnan niya sa kusina ang mga kapatid na sina Victor at Fred na tumutulong sa mga gawain ng kanilang ina. Matalim ang tinging ipinukol ni Mario sa dalawang kapatid. Tiyak na ang mga ito ang nagsumbong sa kanyang ama. May init na nagbangon sa kanyang kalooban.

**(ITUTULOY)**

——oOo——

## Sa Liwanag ng ILAW

ni Em. C. Agleham

### sa dati kong kubo

*bago mananghali—malapit lang dito—*
*kita'y iaakyat sa luma kong kubo;*
*ang ilang daratnang iniwang tumao —*
*mga alaalang di ka masisino.*

*sa bungad ng pinto: ang masasalubong*
*ng mga mata mo'y ang aking kahapon;*
*magtuloy ka't ikaw'y may makakapulong*
*na isang larawang sa ganda naputol.*

*sa ulilang silid maagang naratay*
*ang kumusmusan kong nawalan ng ilaw;*
*nar'yan ang dambanang pinaghabilinan*
*ng aking panatang di-napatnubayan.*

*sa pagbubukas mo ng munting bintana,*
*ang madudungawa'y bakas ko sa lupa;*
*diyan kinalaro ng tanging sanghaya*
*nang ako'y wala pang malay sa pagluha.*

*sa magagalaan ng tingin mo, irog,*
*namulat ang muni't unang inihutok;*
*yaring palad nama'y nanghingi ng hubog*
*sa punong hapay na'y ayaw pang patukod.*

## Parisukat...

*(Karugtong ng nasa pah. 12)*

tinanggap ang alok na iyon. Nabatid ni Mang Ofre ang hirap na dinanas ni David sa paghahanap ng trabaho. Ang isa pala sa mga nakaaway ni David sa piyer ay kapatas nito. Natitiyak ni David na dahil sa pangyayaring yaon ay maalis siya sa trabaho kaya agad niyang tinanggap ang alok ni Mang Ofre.

—Limutin mo na ang paghahanap ng ibang trabaho, —sabi noon ni Mang Ofre. —Gagawin kitang kampeon. Natitiyak kong maiibigan mo ang gawaing ito. Mula nga noo'y tinuruan na ni Mang Ofre ng mga pamamaraan sa pakikilaban sa ring si David. At nasiyahan siya sa nakikitang pag-unlad nito.

Muling pinukaw sa pagdidilidili si Mang Ofre ng narinig niyang sigawan ng mga manonood. Nagsisimula na ang ikalimang raun, at nakita niyang abut-abot ang suntok na tinatanggap ni David. Napasandal si David sa lubid. Sinundan ito ni Flashy Rigor at muling inasod ng kaliwa't kanang suntok.

—Ang hangal! —nasambit ni Mang Ofre, at napatayo siya. —Sumuntok ka! Sumuntok ka, David!

Isang impit na tili ang narinig ni Mang Ofre sa likuran, at batid niyang iyon ang anak niyang dalaga, si Myrna. Tuwing may laban si David ay nanonood ang kanyang anak.

Nakita ni Mang Ofre na may dugong umagos sa mukha ni David. At naramdaman niya ang dantay ng malalambot na daliri sa kanyang balikat.

—Ipatigil mo na ang laban, Papa. —Tinig ni Myrna. —Baka mapatay si David. Kahit matalo siya sa pamamagitan ng *T.K.O.*.... kahit hindi siya maging kampeon, Papa... huwag lamang...

Nilingon ni Mang Ofre ang anak, at may pagkaunawang sumilay sa kanyang mga mata nang makita niyang lumuluha iyon. Napabuntunghininga siya. Nang siya'y bumaling sa ring ay nakita niyang binibilangan ng reperi si David, at naramdaman niyang humigpit ang pagkakahawak ni Mryna sa kanyang balikat.

Iniligtas ng kampana si David. Nang sumunod na raun ay nakipagpalitan na ito ng suntok. Napansin ni Mang Ofre na ikinatitigatig ni Flashy Rigor ang mga suntok ni David. At nakita na lamang niyang tumaob si Flashy Rigor nang abutin ni David ng isang *cross* sa panga. Hindi nakabangon si Flashy Rigor hanggang sa makatapos ng pagbilang ang reperi. Walang kasiyahang nalarawan sa mukha ni David nang itaas ng reperi ang kamay nito. Walang pagbubunying narinig si Mang Ofre kay Myrna, at aywan niya kung bakit wala ring pagbubunying nulas sa kanynag mga labi.

—PAPA, —wika ni Mryna nang sila'y makarating ng bahay, —may sasabihin ako sa iyo... Ayaw ko ring magpatuloy pa sa boksing si David. Napag-usapan na namin iyon. Batid kong ang kanyang puso'y hindi para sa larong ito. May nakikita akong kagandahan sa ka-

*(Buklatin sa Pahina 19)*

# ITO ANG ISTORYA...

ni YOYONG FLORENDO

SA LAHAT, iyang magtapang-tapangan ang pinakadilikadong gawin ng isang mahina ang tuhod. Magtanong kayo ng sampung nagtapang-tapangan at tiyak na siyam ang nadisgrasya. At ang iisang natira ay pihadong nakatsamba lang; 'yung 'ika nga'y kinaawaan ng kapalaran. Nguni't ang nangyari kay Turyo, na masasabi nating ikalabing-isa sa mga nalalaman ninyong nagtapang-tapangan, ay siya na yatang pinakamalungkot sa lahat. Nakatsamba nga siya —naduro niya ang gusto niyang duruin... nguni't... Ito ang istorya...

*"TURYO, HUWAG MO KAMING IWAN!"*

Noong dalaga pa si Sebya ay dalawa lamang ang mahigpit na nanliligaw sa kanya; si Busyong na balita sa katapangan at si Turyo nga na nangunguna noon sa listahan ng mga mahilig makipag-debate at ng mga *takbuhin* ng nayon Si Turyo ang pinili ni Sebya, *sinagot*, sa terminong pag-ibig, pagka't aniya, hindi niya kailangan ang isang asawang matapang nga'y darating naman ang araw na hindi niya pakikinabangan. Ang gusto daw niya ay yaong tahimik na tao, hindi marunong sumubo sa away at mangyari pa, iyong umiiwas sa disgrasya.

At parang may krus ang dila ni Sebya, hindi pa sila natatagalang nagsasama ni Turyo nang magkatutoo ang kutob niya kay Busyong. Napasabak si Busyong ng paluan ng tubo at nadale sa magkabilang lulod. Mula noon, ang kinasama ni Busyong ay dalawang tungkod na ipil na ginawa para sa kanya ni Lilong Kulas.

Sa nangyari kay Busyong ay lalong lumaki ang pagmamahal ni Sebya kay Turyo. Wala na siyang sinasabisabi sa asawa kundi ang magpapakabait. Kahit na raw masabing duwag siya at takbuhin ay huwag susubo sa away. *Iyang pakikipagdebate, kung maaari'y iwasan mo na rin. Nagsisimula rin ang away sa dabate, a!* nasasabi pa ni Sebya. Panay naman ang tango ni Turyo.

Nguni't palibhasa'y pinagkatigasan na ng mga buto ni Turyo ang pakikipagdebate, isang gabi'y nahikayat siyang sumali sa pagtatalo nina Busyong. (Ang mga tungkod na ipil ang ikinukumpas ni Busyong pag nagdidiskurso.)

—Hayan, buhay na buhay si Turyo, tanungin n'yo kung sino ang may hawak ng salon ngayon at pag hindi iyon ang sinabi, e... —salubong na parinig ni Busyong kay Turyo nang pumapasok na ito sa sibi ng tindahan ni Ka Islaw.

—Bakit, 'Igang Busyong, ano ba 'yong ayaw nilang paniwalaan? —ani Turyo habang umuupo sa tabi ni Busyong.

—Ba, e, ayaw silang maniwalang si Islaw *Forty-two* (42) ang may hawak ng salon sa kabayanan ngayon, —paliwanag ni Busyong.

—'Ba, tutoo nga 'yon... Sabagay e, hindi ko pa kilala ang Islaw na iyon, pero s'ya nga ang nababalitaan kong matigas daw d'yan sa salon sa kabayanan.

—Nakita n'yo na! — Naikumpas pa ni Busyong ang kanyang tungkod. — Sinasabi ko na sa inyo, e... Paglululukuhin ba naman n'yo ko, e... *retired general* tayo sa basag-ulo!

—O, s'ya, naro'n na kami sa sinabi mong siya ang pinakamatigas at siyang humahawak sa salon, —sabad ng isang kasali sa umpukan. —Pero, mahirap naman 'atang paniwalaan 'yung sinabi mong kahit hindi ka kumikibo, e... bibirahan ka ng Islaw 42 na iyon!

—Ba't naman hindi kayo maniniwala... —Muling naikumpas ni Busyong ang kanyang tungkod. —'Ba, kahit hindi si Islaw 42, mambubuntal pag nakakursunada... Siya pa? Baka hindi n'yo alam kung ano ang ibig sabihin ng bansag sa kanyang 42..... Ang ibig sabihin n'yan, apatnapu't dalawang beses na siyang nabilibid. At ngayon ay tinatanggihan na siya ng Muntinglupa.

Nagkatinginan ang magkakaumpok. Natahimik ang lahat.

Nang matahimik ang umpukan ay hindi nasiyahan si Turyo. Hindi niya gustong matigil ang debate. Hindi pa siya nakaeentra nang husto.

—Pero, hindi rin nga ako naniniwala sa sinabi ni 'Igang Busyong na kahit sinong makursunadahan, e, bubuntalin ng Islaw na 'yon, —nasabi ni Turyo kapagkuwan.

Napaismid si Busyong. (Baka nakakalimutan ninyong noong kabinataan nila'y magkaribal sila ni Turyo.)

—Ang hirap sa 'yo, 'Igang Turyo, wala ka namang nalalaman sa buntalan, e, tila kokontrahin mo pa'ng sinabi ko, e... —Halatang napipikon si Busyong. —Bakit hindi mo subuking magpunta sa salon.

Napika rin si Turyo dahil sa sinabi ni Busyong. Insulto personal 'yon para kanya.

—At kung natatakot kang magpunta nang nag-iisa'y sasamahan kita, —dagdag pa ni Busyong na nagngangalit ang mga ugat sa leeg, —para mapatunayan mo lang ang mga sinasabi ko. Ayaw ko n'yang tila pinalalabas mo 'kong naglalako lang, e."

Nanghangan yata sa salitang *natatakot ka,* tuluyan nang pinagpantingan ng tainga si Turyo.

—Ba't ako matatakot? —paangil na niyang sukli kay Busyong.

—'Yon pala, e... Ba't di mo subukin?

Hindi nakasagot si Turyo. Naisip niyang nabigla siya. Napatitig lamang siya kay Busyong.

—'Ba, 'Igang Turyo, panahon na para magpakatapang ka. May anak ka na. Nakahihiyang mapagkalakhan kang...

—Tama na! —sambot ni Turyo. —Utang na loob huwag mo 'kong didiretsahin nang ganyan, ha? Inaanim kong duwag ako, pero h'wag mong ipariring sa akin.


Sa umpukan ay may napangiti, may kinakabahan (maaari na nga namang sagupain ni Turyo si Busyong, pilay na ito), at mayroon namang nagsisiasam na sana'y magkabakbakan na ang dalawa.

—Talaga namang mahirap paniwalaan ang sinabi mo, e... marami ka pang sinasabi, —halos pabulong nang parinig ni Turyo kay Busyong.

—Ba't hindi mo nga 'kako subukting magpunta ro'n, nang makita mo'ng hinahanap mo?

—Basta walang ginagawang masama ang tao hindi makakainitan...

—Ow, basta wala na tayong maraming usapan ... Hinahamon kita nang pustahan, magpunta ka ro'n... Pag hindi ka ginalaw, talo ako. Pag ginalaw ka naman at pagkatapos ay pakikinabangan ka pa ni Sebya, talo pa rin ako. Ang panalo ko lang ay kung ginalaw ka't pagkatapos ay baldado ka na... —Bumaling si Busyong sa mga kaumpok. —Hayan, maraming nakakarinig.



Pag hindi ka naman pumayag sa kaundisyong 'yan, e...

—Mas'yado namang mababa ang pagkakatingin mo sa pagkalalaki ko, e... —Tumayo na si Turyo. — Kungdi ka lang pilay, baka...

—A, a... 'Igang Turyo ... Huwag kang magsasalita ng ganyan, ha...

—Mas'yado kang makainsulto, e...

—Ano namang insulto? Para binigyan lang kita ng isang kundisyon para huwag na lang tayong magdebate pa... Baka naman nabigla ka lang kaninang sabihin mong hindi ka natatakot magpunta sa salon ngayon, e... wala na tayong pinag-usapan.

—Tama na! Natatakot nang natatakot ang sinasabi mo, e!... Bayaan mo't pupunta ako... Pero pag walang nangyari sa akin, ewan ko lang...

—Magpuntang-magpunta ka lang. ipagpapamisa kita... —sulsol pa ni Busyong. —Saka eto pa'ng isang kundisyon, matuloy ka na lang. Kahit hindi si Islaw 42 ang gumalaw sa 'yo ro'n e, talo ako. Maraming simaron do'n, baka 'kala mo.

—Kahit na simaron pa silang lahat do'n, pupunta ako, —birada naman ni Turyo. —Nang makita natin kung sinong sinungaling... Humanda ka!

Hindi na ipinagmakamakaingay ni Turyo ang napagkasunduan nila ni Busyong. Matagal niyang pinagdilidili yaon. Ang tutoo'y andap ang kalooban niya. Ni kay Sebya ay hindi niya masabi iyon. Nasisi niya tuloy ang sarili kung bakit nakasali pa siya sa debating iyon.

Nguni't kagabi'y naipasiya ni Turyo na magpunta sa salon para matupad ang pustahan nila ni Busyong.

Mula sa kanila, hanggang sa papasok na lang siya sa salon, ay abut-abot ang pagdarasal ni Turyo. Pero iisa ang dinadasal niya —sana'y walang magkamaling *kumursunada* sa kanya sa salon. Sa gayon lamang ay mapasisinungalingan na niya si Busyong. Panalo na siya.

Sa salon ay simpling-simpleng pumuwesto si Turyo. Mapapagkamalang santo sa kabaitan ng mukha. Ang talaga niya'y magpapatagal lang siya roon ng mga kalahating oras at pagkatapos ay aalis na siya.

Nguni't hindi pa siya natatagalang tumatanga sa mga nagsasayaw nang may kumalabit sa kanyang isang patpating uubu-ubo.

—Pare... —aniyon sa

hindi ko nais magkaroon ng binhi ng panlulupig sa kanyang puso. Unawain mo sana ako, Papa...

Matagal na napatingin si Mang Ofre sa mukha ng anak. At para niyang nakita sa sarili ni Mryna ang katauhan ng namatay na ina nito. Gayundin ang ina ni Myrna. Batid niyang hindi nakaligaya rito kailanman ang larong kanyang kinahiligan. Nguni't huli na ang lahat upang pakinggan pa niya ang ina ni Mryna. Nakaugat na sa kanyang puso ang binhi ng panlulpig. Hindi na niya matanggihan p aang anyaya ng parisukat na lona at ang nakalalasing na pagbubunyi ng madla.

—Nagugunita mo ba, Papa, noong huli mong laban? —muling wika ni Myrna. —May nakiramay ba sa iyo noon nang matalo ka? Tinawanan ka nila. Laos ka na raw. Nakita kong hindi namatay sa puso mo ang mapanlupig na pag-ibig sa tagumpay. At natagpuan mo si David. Nakita mo sa kanya ang larawan ng iyong sarili. Ninais mong gawin siyang kampeon. Ang kanyang tagumpay ay tagumpay mo rin pagka't ikaw ang lumikha sa kanya. Nguni't tulad mo, patungo rin siya sa pagbagsak. Hindi ko nais sapitin niya ang sinapit mo. At ayaw ko ring danasin ang pighating dinanas ng Mama...

Nauunawaan na ni Mang Ofre. Hindi na kailangang ipagtapat pa ni Myrna

—Hindi na magbobok-sing pa si David, —nasabi na lamang ni Mang Ofre. —Ang kanyang naipon ay sapat nang puhunanin niya sa ibang hanapbuhay. Huwag kang mag-alaala. Sasabihin ko kay David. Batid kong iyon ang hinihintay niya. —At mahigpit na napisil ni Mang Ofre ang balikat ni Myrna. (X)

—«☆»—

## Sining...

(Karugtong ng na sa pah. 11)

mga alagang hayop.

7. Paalalahanan ang maliliit na bata hinggil sa pag-iingat at di pagkain o pag-inom ng gamot, halaman o prutas na kanilang matagpuan nang hindi muna humihingi ng pahintulot sa magulang. Dapat na igiit ito sa kanila.

8. Gumamit ng mga "fluid" na panlinis kung may sapat na hangin lamang sa paligid at iwasang masagap ng hininga ang singaw nito.

9. Ipagsanggalang ang inyong balat at mata kapag gumagamit ng lason sa hayop, pamuksa ng damo, mga panimpla at mga panlinis. Maghugas na mabuti matapos gumamit ng mga bagay na ito at hubarin agad ang damit na napuno nito.

10. Huwag hayaang ang pagkain o mga kagamitan sa pagkain ay mapuno kung gumagamit ng mga pamatay ng hayop, lason sa daga o iba pang panlinis.

11. Huwag iinom o magpapainom ng gamot sa madilim na pook. Tiyaking nababasa ninyong mabuti ang etiketa ng bote o ano mang lalagyan. Gamitin ang lahat ng pag-iingat kapag tumatakal o sumusukat ng gamot.

## Dambana...

(Karugtong ng na sa p. 14)

at tiyong.

—Maupo ka, Aida... May sasabihin kami sa iyo ng Tiyong mo, —salubong sa kanya ni Ginang Buenaflor.

—Kanina pa ba kayo, Tiyong, Tiyang? —may himig paghingi-ng-paumanhing sagot ni Aida...

—Kani-kanina lang Aida... May ibabalita kami sa iyo... Ewan ko kung paano mo tatanggapin ito... —Ang tinig ni Ginoong Buenaflor ay nagpapahiwatig ng pagkabagabag.

—Alam mo, iha... Kaninang hapon, samantalang na sa hardin kayo ni Inday ay tumawag si Don Servando. —Si Ginang Buenaflor ang nagpasimula. —Kung maaari raw ay huwag-hindi kami magpunta ng Tiyong mo sa kanila ngayon ngang gabi. At ang sinabi nga ng matatanda ang sasabihin namin sa iyo ngayon...

—Masamang balita ba, Tiyang, Tiyong? —Si Aida'y kinakabahan, nguni't pinagpipilitan niyang ikubli iyon.

—Ewan ko, kung masama o mabuti para sa iyo ... Nguni't para kina Don Servando ay itinuturing nilang isang napakalaking kahihiyan sa iyo at sa amin, —pagpapatuloy ni Ginoong Buenaflor. —Ako'y hindi na magpapaliguy-ligoy, Aida. Maaari bang... kung mamabutihin mo lang naman, na makita o malaman namin ang nilalaman ng dalawang liham sa iyo ni Luis buhat nang umalis siya rito sa Pilipinas?

Ang biglang pamumutla ni Aida at ang pagkabaghang nabadha sa kanyang mukha ay hindi nakaila. Natitigan siya ni Ginoong Buenaflor. Sa mga mata ng kanyang Tiyong ay nababasa niya ang masidhing pagnanais nito na matarok ang kanyang niloloob.

—Bakit, Tiyong? Ano ba ang sinabi sa inyo ni Don Servando?

—Ang mabuti, Pepe, ay ipaliwanag mo na muna kay Aida ang lahat... —pamamagitan ni Ginang Buenaflor.

Maluwat na nag-isip si Ginoong Buenaflor bago nakapagpatuloy...

—Alam mo, iha... Sinabi ni Don Servando na hindi matutuloy ang kasal ninyo ni Luis... Hindi raw matutuloy ang sinasabi nila sa ating madaliang pag-iisang dibdib n'yo...

Si Aida'y hindi nakapangusap. Nanginginig ang mga labi, napalipat-lipat lamang niya ang kanyang tingin kina Ginoo at Ginang Buenaflor. At nang mapansin niyang kapwa nakatitig ang mga iyon sa kanya ay bigla siyang napatindig. Nakatalikod na siya kina Ginoo at Ginang Buenaflor bago nakapamulas sa kanyang mga labi ang isang tanong: **—Bakit, daw... Tiyong?**

Nguni't si Ginoong Buenaflor ay hindi rin nakasagot kaagad. At nadama ni Aida ang ipinahihiwatig ng katahimikang yaon. Nangamba siyang nakakahalata sina Ginoong Buenaflor at Ginang Buenaflor na ikinagalak niya ang pangyayari...

—Maaari ba, Tiyong, Tiyang, na saka na natin pag-usapan ang bagay na 'yan? —ang nasabi niya nang humarap siya kina Ginang Buenaflor. —Hindi ko hu malaman ang aking sasabihin... ang aking gagawin. —Saka siya nagmamadaling tumalikod. Halos patakbong pumasok sa kanyang silid.

Sina Ginoong Buenaflor at Ginang Buenaflor ay nagkatinginan.

—Hindi ako nagkakamali ng hinala... Hindi tayo nagkakamali, Matilde... —mariing usal ni Ginoong Buenaflor kapagkuwan; saka nagtindig at lumabas.

Natigilan si Ginang Buenaflor sa inasal ng asawa. Natigatig siya. Nguni't pagkailang sandali ay napatindig na rin siya at sumunod kay Gi-

**(Buklatin sa pah. 29)**

## Umawit Naman Tayo...

### ON MY WORD OF HONOR

**(Buong puong inihahandog ni Loreto Villanueva kay Aida Dalleton ng Lunsod ng Pasay; ng lahat ng nagsisibuo ng "Kisses Gang" at ng "'Y' Gang" kay Telesforo Cruz dahil sa nakaraang kaarawan nito; ni Ruben Salle kay Anette Lansang dahil sa pagsapit ng kaarawan nito sa ika-27 ng Enero; ni OM kay OY.**

On my word of honor
All my love belongs to
you
Please put your faith in
me
You'll see how true I'll be.
On my word of honor
You can trust me this,
your heart
And I pledge mine to you
It's yours my whole life
through.

**Chorus**

May this lips never kiss
you
All again if they tell you
all right
It's forever, ever, ever,
and ever and ever
Cross my heart and hope
to die.
O-on my word of honor
You mean everything to
me
I swear by stars above
I'll keep my word my
love.
May this lips never kiss
you
All again if they tell you
all right
It's forever, ever, ever,
ever and ever
Cross my heart and hope
to die.
O-on my word of honor
You mean everything to
me
I swear by stars above
I'll keep my word my
love.

—oOo—

### SA KAARAWAN MO

**(Buong puso't pagmamahal na inihahandog ni Letty Villarte kay Belen Arella ng Lopez, Quezon dahil sa kaarawan noong nito ika-18 ng Enero; gayondin kina Landa. Amy, Toning, Lily, Linda, Vener, Nacia, at sa lahat ng kanyang kapatid at mga pinsan; kina Mando, Tony, Ben, Eking, Raquel, Rogel, Rey at Abel at higit sa lahat ay kay Linda V. Osuna dahil sa araw ng kanyang pagsilang sa ika-9 ng Pebrero, buhat naman kay Santa M. Jucom ng Anda, Lopez, Quezon; buhat pa rin kay Santa kina Elvie, Paty, Eva, Cora at Sally; kay G. Antonio N. Peliña ng Bukana, Naik, Kabite dahil sa pagsapit ng kaarawan nito noong ika-17 ng Enero, sa anak niyang si Connie; kina Luz, Pina, Peling at Loring ng Lunsod ng Pasay; mula kay Tony ng Rose Tatoo Gang ng B.N.G.; kay ONLY YOU buhat kay DARLING KO).**

Magdamag na di ako
nakatulog
Alaala ko ang iyong
kaarawan
Bagama't ako'y dagli
mong nilimot
Narito ang puso ko't
nag-aalay—
Ng isang... Maligayang
bati, sa iyong kaarawan
At nawa'y lumigaya ka
Habang nabubuhay.
Lamang ang tangi kong
Sa iyo'y maiaalay
Ay itong puso kong
Sa iyo'y laging nagmamahal
At sa bawa't tibok...
Ngayon ay nagsasaysay—
Maligayang bati sa iyo
Mahal ko sa buhay

—oOo—

### KUNWARI LANG

**(Buong pagmamahal na inihahandog ng TOMILE Gang na binubuo nina Mila, Tonie, Ely Crisostomo at Lita Mariñas ng Sto. Niño, Plaridel, Bulakan sa lahat ng kanilang mga kaibigan at kadaupang palad lalung-laluna na kina Nona, Irene, Charing, Munding, Berting, Cering, Erning, Ruding, Hermin at sa lahat ng kasapi sa kapisanan ng kabataan sa nayong ito.)**

Laging ako ay nakatawa
At ang kilos ko'y masigla
Kahit na saan man ako
magpunta
Makikitang tuwina'y masaya
Nguni't ito'y kunwari
lang
Hindi nila natatanaw
Itong puso kong lihim na
may lumbay
Pag-ibig mo ang dahilan!
Pagka't ikaw ang tunay
kong langit
Ginugunita sa lahat ng
saglit
At ikaw ang panaginip
Nguni't hindi ko masambit
Kaya damhin mo sa
hanging malamig
Ang hibik ng pusong
naghihihinagpis...!


PAKANLURAN ANG MGA WEGON!
ni
WALT DISNEY
HININTAY NG MGA MANLALAKBAY ANG PAGDATING NG NANGANGABAYO BUHAT SA HIMPILAN NG KUTANG LARAMIE.
OREGON OR BUST!
AHA. IKINAGAGALAK KONG...
HOY, PANYERONG BISSONETTE!
GINOONG HANK! BUHAY KA PA PALA. KUMUSTA?
SI BISSONETTE ANG PUNO NG HIMPILAN!
SIYA SI KAPITAN STEPHEN... AT SI DOC GRAYSON, ANG AMING SIGA-SIGA!
TINATANGGAP KAYO SA KUTANG LARAMIE! IKINAGAGALAK KONG MAKITA KA DUKTOR -- KAILANGAN DITO ANG MANGGAGAMOT NA PUTI!
LAURA! DOKTOR JOHN! TINGNAN N'YO!
...MGA INDYAN!
11-4
ANG MGA "SIOUX" AY HINDI MABUTING MAKIPAGKAIBIGAN KAYA KO NGA KAYO SINALUBONG!
ITUTULOY...


TARZAN
by EDGAR RICE BURROUGHS
DALAWANG LALAKI ANG INILIGTAS NI TARZAN -- AT BILANG PASASALAMAT AY ISINALAYSAY SA KANYA ANG ISANG KAHINDIK-HINDIK NA PANGYAYARI.
"MAY KAPATID AKO," ANI WALTER KEYS, "NA NANIRAHANG KASAMA NG ASAWA'T ANAK SA BUKID SA LABAS NG NAIROBI--"
"NGAYON--NARINIG MO NA 'YUNG MGA MANLULUPIG NA LUMULUSOB AT PUMAPATAY SA MGA PUTI?"
TUMANGO SI TARZAN. "MGA UHAW SA DUGONG NAGKALAT SA DAAN-DAANG TRIBO. MATAGAL NA SILANG NATATAG.."
DICK VANBUREN JOHN CELARDO
SINO NGA? SA POOK NA NAPALILIGIRAN NG MGA MANLULUPIG NA WALANG PAKAY KUNDI ANG HUMANAP NG MGA PUTI--AT PUMATAY!
"TAMA!" WIKA NI KEYS. "AT NOON PINASLANG ANG MAG-ANAK NG AKING KAPATID-- LAHAT MALIBAN KAY KATHY, ANG PINAKABATA NIYANG ANAK!" TUMIKHIM SI JOE RICE. "SINO ANG MAAARING MABUHAY RITO?"
Distr. by United Feature Syndicate, Inc.
ITUTULOY
10-7-1335


MANDRAKE ang SALAMANGKERO
nina LEE FALK at PHIL DAVIS
SI LENORE, ANG KAPATID NI MANDRAKE, SA HIMPILAN NG MGA MANGKUKULAM.
MANDRAKE, ANONG GANDANG SORPRESA! PAANO MO NAPALITAN ANG DAKILANG MANGKUKULAM?
ANG TUNAY NA DAKILANG MANGKUKULAM AY NAHIHIMBING. MABUTI'T NAKAPASOK AGAD KAMI RITO!
MAKIKIPAGBAKBAKAN BA TAYO SA PAGLABAS?
1
HINDI! IBALITA MONG ANG LAHAT AY IBIG MAKITA NG DAKILANG MANGKUKULAM! TAPOS, PAPASUKIN MO SILANG ISA-ISA! MAGTAGO KA, LENORE.
?
?
2
PUMASOK KAYO, ISA-ISA!
BAKIT KAYA TAYO IBIG MAKITA?
MARAHIL AY TUNGKOL SA BABAE!
3
HABANG KUMUKUMPAS SI MANDRAKE..
TUMINGIN KA SA 'KIN.
OPO, DAKILANG MANGKUKULAM, PANGINOON NAMIN.
4
SUSUNDIN MO AKO. PAG GISING MO, BABALIK KA SA IYONG TRIBO. SASABIHIN MO SA MAMAMAYAN ANG IYONG LIHIM. SABIHIN MO NA LAHAT NG MANGKUKULAM AY HUWAD.
5
KING FEATURES SYNDICATE Inc., WORLD RIGHTS RESERVED.
ANONG SINABI NIYA?
TUNGKOL SAAN 'YON?
SUSUNOD!
SAPAGKA'T NASA KAPANGYARIHAN PA NG HIPNOTISMO NI MANDRAKE, HINDI SUMAGOT ANG MANGKUKULAM!
6
11-4
ITUTULOY




(ANG PANGALAN NG MGA TAUHAN AT ANG MGA PANGYAYARING BUMUBUO SA MGA KUWENTONG NALALATHALA SA MAGASING ITO AY PAWANG KATHANG-ISIP LAMANG NG SUMULAT. ANG ANO MANG PAGKAKAHAWIG SA TUNAY NA BUHAY O PANGALAN NG SINOMANG TAO, BUHAY MAN O PATAY, AY ISANG PAGKAKATAON LAMANG NA DI SINASADYA)

# *Mga Piling Dahon sa* AKLAT NG BUHAY

*Guhit ni* TEMY BAUTISTA




# Ang "LO' WAIST GANG" sa "ARMY"

Katha ni JOSE C. GARCIA



# señor MISERABLE

Nobela ni PATROCINIA R. MARCELINO
Guhit ni ELMER E. ESQUIVIAS



(KARUGTONG)

ANG PAGKAYANIG ng aking damdamin ay hindi naikubli ng aking anyo. Matagal akong natigilan at di nakapangusap. Halos mapapikit ako upang iwasang malasin ang napakapangit na larawang nakatambad sa aking paningin. Ang kaharap ko ay isang babaing sarat ang ilong, makapal ang mga labi, singkit ang mata, maitim at tadtad pa ng pekas ang mukha.

—Ikaw ba ang... ang... aking kasintahan? —nagawa ko ring bukhin ang aking labi pagkaraan ng maraming saglit na pagkakatigagal.

—Oo... at marahil ay namumuhi ka na sa akin ngayong makilala mo ako ... —ang nabigkas niyang katal ang tinig at saka hiya-hiya siyang napatungo.

Nahalata ko ang panliliit niya nang mga sandaling yaon. Ikinahihiya rin niya ang kanyang sarili. Tinatanggap niyang siya'y napakaalangan sa akin kaya ni hindi niya maisilay ang kanyang tingin.

At parang tinubuan naman ako ng awa. Hindi ko nagawang lubusang ipadama sa kanya ang pagkagimbal ng aking damdamin sa pagkikilala naming yaon. Hindi ko nagawang sugatan ang kanyang puso. Kaya sinikap kong mailingid ang katotohanang halos ikawasak ng aking dibdib. Minarapat kong dulutan din siya ng kasiyahan, kahit pansamantala lamang.

—Ikinagagalak ko ang lubusan nating pagkikilala... Naliligayahan ka rin ba, mahal ko? —pilit akong ngumiti at sinikap kong mapalambing ang aking tinig, gaya ng mga nakaraang pag-uusap namin sa telepono.

—Mangyari pa... —ang



"Lalo akong nanggilalas nang..."

# "ANG AKING KASINTAHAN"

Pagtatapat ng isang Artista kay Benito R. Cadiz




sagot niyang hindi rin tumitingin sa akin. —Nguni't... ang ibig mo bang sabihin ay maligaya ka rin? Hindi ka ba nalulungkot ngayong makilala mong ako'y isang napakapangit na nilikha?

—Bago tayo nagtipan ay ipinangako ko sa iyong hindi ako magbabago, at maging sino ka man ay mananatili kang mahal sa akin. Kahit na ano ka pa at sino ka pa, ang nakikita ko sa iyo ay ang kagandahan ng iyong puso't kalooban na siyang inibig ko at pinahalagahan sa mula't mula pa!

At upang ganap na ilingid ang katotohanang umiiral sa aking damdamin, inanyayahan ko pa siyang manood kami ng sine. Hindi naman siya nakatanggi.

Samantalang kami'y naglalakad na patungo sa Sine Dalisay, hanggang sa nanonood na kami at hanggang sa kami'y lumabas, ay patuloy na naging magiliw ako sa kanya. Lagi ko siyang kinakausap at paminsan-minsang hinahawakan ko pa sa kamay. Ganap ko siyang pinapaniwalang maligaya nga ako sa pagtatagpo naming iyon at hindi ako nagbago, bahagya man. Sadyang dinulutan ko siya ng kaligayahan. Isang bagay ang napuna ko sa kanya. Hindi siya nagsasalita. Halos nabilang ko ang mga katagang nulas sa kanyang labi sa tuwing kinakailangang sagutin niya ang ilan kong katanungan. Nanibago ako sa kanya sapagka't hindi siya dating gayon. Nguni't ako na rin ang sumagot sa bagay na iyon. Nakikimi siya at talagang nahihiya sa akin sapagka't nakilala kong siya'y isang pangit na babae. Iyon ang sanhi kung bakit walà siyang sigla at halos hindi makapangusap.

Kumain pa kami sa isang restauran nang makalabas na kami ng sinehan. At inihatid ko pa siya hanggang sa may panulukan ng kalsadang malapit sa kanilang tahanan. Masaya pa rin ako at magiliw nang sabihin kong hihintayin ko ang tawag niya sa telepono sa susunod na araw.

Sa kauna-unahang pagkakataon buhat nang pagkikita naming iyon, naging masigla na ang kanyang tinig.

—Dakila kang lalaki!... Mabibihira ang katulad mo!... Hinahangaan kita! —ang kanyang wika, na malayo sa dapat sana niyang isagot tungkol sa sinabi kong pagtawag niya sa akin kinabukasan.

Nang sumunod na araw, tinawagan nga niya ako muli. Nguni't nagtaka ako nang sabihin niyang siya'y wala sa kanilang upisina kundi na sa kanilang bahay.

—May lagnat ako kaya hindi ako nakapasok, —ang wika pa niya. —Biglang-bigla ang pagkakasakit ko, marahil ay nalamigan ako kahapon, sa panonood natin ng sine. Kung maaari'y dumalaw ka rito sa amin. Ibig ki-

tang makausap uli pagka't may mahalagang bagay na sasabihin ako sa iyo. Hihintayin kita ngayong hapon...

Nangako naman akong tutungo sa kanila. Bukod sa siya pala'y may karamdaman ay ibig kong malaman kung ano ang sasabihin niya sa akin. Marahil ay mahalaga sapagka't kung hindi ay di na niya hahangaring kami'y magkausap. Magkasama kami nang sinundang araw lamang.

Kaya nagtungo nga ako sa kanila kinahapunan, pagkalabas ko sa aming upisina.

Nagtaka ako nang isang napakagandang dalaga ang sumalubong sa akin sa pinanhik kong tahanan, na n akapit pa sa aking bisig nang ihatid ako sa isang likmuan. Lalo akong nanggilalas nang lumapit sa amin ang isang pangit na babaing naka-epron at may dalang dalawang baso ng "Coke". Ang babaing iyon ang aking "Kasintahan" na kasama ko nang nakaraang hapon. Hindi ko madalumat kung bakit gayon ang kanyang ayos at wari'y isang tagapaglingkod sa tahanang yaon.

—Alam kong magtataka ka! —wala nang pamunupong sabi sa akin ng magandang dalagang sumalubong sa akin at kaharap ko sa upuan. — Nguni't ipaliliwanag ko sa iyo ang lahat... ngayong makasulit ka sa isang pagsubok...

Sa gitna ng patuloy kong panggigilalas ay ipinagtapat sa akin ang magandang katotohanan. Ang naka-"date" ko pala nang sinundang araw ay isang utusan lamang sa bahay na iyon na kinasapakat ng tunay kong kasintahan, na dili iba't ang babaing aking kaharap.

—Sinubok lamang kita kung ikaw ay isang lalaking matapat sa iyong pangako at pangungusap, —ang wika pa niya sa akin. —Hinangad ko ring malaman kung ano ang gagawin mong pakikitungo sa akin sakaling ako ay isa ngang pangit na babae. At ngayong makalagpas ka sa isang pagsubok, ako'y labis-labis na naliligayahan. Ikinararangal kong ikaw ang aking naging "kasintahan sa pangarap"...

—At maging sa katotohanan, hindi ba? —dugtong kong nag-uumapaw ang kaligayahan sa aking puso.

Nakangiti siyang tumango, at nang hawakan ko at pisilin ang kanyang palad ay ganap naman niyang ipinaubaya.

At ang araw na yaon ay siya nang naging simula ng matamis naming pag-iibigan sa katotohanan. Kapuwa kami maligaya... hanggang sa tuluyang magkabuklod ang aming mga puso makalipas lamang ang ilang buwan.

Ngayon, kami'y magkabyak na ng dibdib. Mayroon na kaming dalawang supling, isang babae at isang lalaki. Namumuhay kaming maligaya sa lilim ng isang tahanan.

Sa mga sandali ng aming pagtatalik ay malimit naming mapag-usapan ang nakalipas. Kung nagkataon daw at hindi ako nakasulit sa ginawa niyang pagsubok, kaipala'y hindi kami nagkatuluyan. Mamumuhi raw siya sa akin sapagka't ako pala ay isang lalaking hindi gaya ng kanyang inaakala.

At mangyari pang ang akin na ring sarili ang pinagkakautangan ng lahat. Utang ko sa akin ang aming kaligayahan. Kung ako'y hindi naging isang lalaking mapagtimpi at mapagbigay sa kapuwa, kung hindi ako naging isang lalaking marunong makitungo nang magiliw kahit sa isang pangit na babae, kaipala'y hindi ko tatamuhin ang ganitong kapalarang magkaroon ng isang napakaganda, mabait, matalino at maipagkakapuring kabyak ng dibdib! (X)

——oOo——

## Dambana...

(Karugtong ng na sa pa. 20)

noong Buenaflor sa labas.

Sa himatong ni Inday ay natagpuan ni Ginang Buenaflor ang asawa sa hardin, sa harap ng mesitang bakal na napaliligiran ng mga upuang bakal din. Kaharap ni Ginoong Buenaflor ang isang bote ng alak. Sa kamay niya'y isang basong makukurong kasasaid lamang.

—Pepe... —tanging nasambit ni Ginang Buenaflor na nag-aalalang lumapit sa asawa.

—Huwag kang mag-alala, Matilde... Sige, iha... Matulog ka na... Ibig ko lang antukin akong mabuti... Hapo ako at ibig kong makatulog agad...

—Taong ito... Ang hirap sa iyo'y hindi ka marunong magpigil... —basag ang tinig ni Ginang Buenaflor. —Ano'ng malay natin kung ang hinala natin ay hinala lamang. Wala pa tayong nakikitang katibayang ... lang niya tayo...

Isang marahang tawa ang isinagot ni Ginoong Buenaflor...

—Huwag kang mag-alala, iha... Sige, matulog ka na... At papanhik na ako.

Kahit nag-aalala'y tumalima si Ginang Buenaflor. Alam niyang naglilihim ang kanyang asawa. Iba ang sinasabi nito kaysa nasasaloob. Kaninang makagaling sila kina Don Servando ay nagkaisa sila ng hinala na nakahalata

(Buklatin sa pah. 31)



Makikita sa larawan ang lupong pamunuan ng "Kapisanang Pinagbuklod ng Kababaihan" ng Batanes Extension, Sampalok, Maynila, habang nagsisipanumpa sa harap ng Bise-Alkalde Jesus Roces ng Maynila. Mula sa kaliwa pakanan: Anacleta Almeria, tagapamayapa; Dolores B. Salle, tagasuri; Consuelo Concepcion, tagapamahala sa kasayahan; Josefina Nacianceno, pang. kalihim; Gloria M. Pacete, kalihim; Emilia E. Garcia, pangulo; Lourdes G. Regalado, pang. pangulo; Cresencia Charland (natatakpan ng bise-alkalde), ingat-yaman; Estelita Maddela, pang. ingat-yaman at Eulogia Ventura, kasapi. Ang pagpapasinaya sa kapisanan at panunumpa ng mga halal na lupon pamunuan ay ginanap sa gusaling Legarda Memorial (Mapa Annex) sa Sampalok noong Disyembre 30, 1956 at dinaluhan ng maraming panauhing kinabibilangan nina Konsehal Antonio Barredo at Eduardo Quintos ng Maynila, Kapitan Eugenio Munngi ng Presinto 6 ng MPD, Ben Perez, artistasa puting tabing, at G. at Gng. Antonio Sol








# Ibat-ibang KULAY sa PUTING-TABING

Isang karagdagang bilang sa mga samahan sa pelikula sa kapuluan ang bagong katatatag na Champion Pictures, Inc. na pinangangasiwaan ng mga dating kawani at tauhan ng Premiere Productions, sa pangunguna ni Roy Padilla.

Ang unang pelikulang ihahandog sa madla ng Champion Pictures ay ang "Kandilang Bakal" na sinimulan nang isapelikula noong nakaraang linggo. Ang mga bituing nagsisiganap ng mga pangunang papel ay sina Jose Padilla, Jr. at Lilia Dizon sa pamamahala ni Consuelo P. Osorio.

Ang Champion Pictures ay nakatakdang gumawa ng apat na pelikula sa taong ito.

---

Ang pagtulak na patungong Singapur ng pangkat na gagawa ng "Si Og sa Singapur" ng C. H. Santiago Film Organization ay napaliban dahil sa isang kadahilanan. Isang pahatid-kawad ang tinanggap ng samahan na nagsasabing makabubuting sa buwan na ng Pebrero umalis ang pangkat sapagka't ang katulong na prodyuser ng pelikula, si Run Run Shaw, ay kasalukuyang na sa isang paglalakbay sa Europa at inaasahang babalik sa Singapur sa buwan pa ng Pebrero. Nais ni Shaw na masaksihan niya ang mga bagaybagay sa mga unang araw ng pagsisiyuting ng nabanggit na pelikula.

Ang pangkat na patungo sa Singapur ay pinangungunahan nina Direktor Cesar Gallardo, Tessie Quintana, Jesus Ramos at Lopito.

---

Sa mga araw na ito ay matindi ang "sakit ng ulo" ni Maring Sevilla, puno sa departamento ng mga kasuotan ng LVN. Kinakailangang yariin ng nabanggit na kagawaran, sa loob ng madaling panahon, ang mahigit sa tatlong daang mga uniporme ng Katipunero, Guwardiya Sibil at Kasadores para sa pagsasapelikula ng "Walang Sugat".

Sa kabila ng halos araw-gabing walang tigil na paggawa, nasisiyahan naman si Aling Maring. Mabilis ang pagyari nila ng mga kinakailangang kasuotan at hindi sila "mapapahiya" sa mga kinauukulan. Limang mananahi ang katulong ni Aling Maring sa kanyang departamento.

---

Bilang gantimpala sa matagumpay na pagkakaganap nina Luis Gonzales at Amalia Fuentes sa "Ismol Bat Teribol" ng Sampaguita, muling ipinagkatiwala sa kanila ng mga pinuno ng samahan ang pagtupad ng mga pangunang papel sa dalawa pang malaking pelikula — ang "Pasang Krus" at "Bituing Marikit". Si Luis ay siyang makakatambal ni Rita Gamez sa una, samantalang si Amalia ay siyang magiging "kasintahan" ni Juancho Gutierrez sa huli, kasama ang pangunahing mapagpatawa sa puting-tabing na si Dolphy.

Samantala, sina Tony Marzan at Romeo Vasquez na nagpamalas din ng mahuhusay na pagganap sa "Ismol Bat Teribol" ay hindi napatangi sa biyayang tinanggap nina Luis at Amalia. Ang dalawa'y binigyan din ng mainam na ganipanin bilang mga katulong na bituin sa "Pasang Krus" at sa "Sino Ang May Sala?"


---

Na sa kainitan na ang pagsasapelikula ng "Kahariang Bato" ng Tamaraw Studios na pinangungunahan nina Alicia Vergel, Cesar Ramirez, Myrna Delgado at Jesus Ramos, sa pamamahala ni Direktor Rolf Bayer.

Ang "Kahariang Bato" ay isang kasaysayan ng "lumipas" na naglalarawan ng mga unang pagtatangka ng tao na mabuhay sa daigdig. Lubhang makasaysayan ang pelikulang ito at puno ng makayanig-damdaming mga tagpo na kai-

Dulong itaas: Ano kaya ang tila mahalagang suliraning nilulutas nina Armando Goyena at Carmencita Abad sa tagpong iyang kuha sa "DALAWANG INA" ng LVN? Ukol kaya sa pananalapi, sa pamilya... o sa ngalang pag-ibig?


Itaas: Tila may kung anong nakikita sa mahiwagang bolang kristal sina Amalia Fuentes, Nelly Baylon at Boy Alano sa tagpong itong kuha naman sa "ISMOL BAT TERIBOL" ng Sampaguita na kasalukuyang itinatanghal sa dulaang Dalisay.



Kanan: Sina Fernando Poe, Jr. at Zaldy Zshornack, samantalang "pumupormal" sa dalawang dalagang kapitbahay (ang isa'y si Corazon Rivas) nang sila'y magsipagbakasyon. Isang tagpo naman sa 'BAKASYON GRANDE" ng Larry Santiago Productions.







Sa kabila ng halos walang tigil na paggawa, ang mga bituing nagsisilabas sa "HOLIDAY IN HONGKONG" ay nagkakaroon din ng pagkakataong makapagpahinga at makapag-aliw-aliw na kasama ng kanilang mga kaibigan, gaya ng pinatutunayan ng mga larawang ito. Dulong kaliwa: sina Dolphy at Daisy Romualdez, sa piling ng dalawang bituin ng Hongkong. Gitna: si Gloria Romero, sa isang masayang sandali ng pagpapahinga sa pagitan ng kanilang mga pagsisiyuting. Itaas: Sina Ric Rodrigo, Paraluman, Gloria at Daisy na nagsipakuha ng larawan kasama ng mga mangangalakal na Bombay.

pala'y ngayon pa lamang masasaksihan sa puting-tabing.

---

Kagaya ng umalingawngaw na balita tungkol sa umano'y lihim na pag-iibigan nina Eddie Rodriguez at Charito Solis, ngayon ay laganap na rin ang balita tungkol naman sa pag-iibigan nina Leroy Salvador at Nita Javier. Mabilis na kumalat ang balitang iyan mula nang sina Leroy at Nita ay magkatambal sa "Bahala Na" ng LVN. Sa pelikulang ito, ayon na rin sa mga nakapanood ng mga siyuting, ay hindi "arte" lamang ang mga kilos at pananalita ni Leroy kapag nagpapahiwatig siya ng loobin kay Nita. At si Nita naman, ay hindi nagkukunwari lamang sa mga pakitang-kilos niya kay Leroy sa pelikulang ito pagka't ang lahat ay tunay na nagmumula sa kanyang puso.

Ngayon ay muling magkakatambal sina Leroy at Nita sa "Cuatro Vidas" kasama si Carlos Padilla, Jr. Sa pelikulang ito ay inaasahan ng marami na lalong "mahihinog" ang pag-iibigan ng dalawang bituin.

—oOo—

## Neutralismo ...

(Karug. ng na sa p. 5)

ilalim ng patakarang ito) salungat sa lahat ng tuntunin ng agham sa batas, ay pag-amin ng pinararatangan; at sa pagpapatuloy ng pagsisiyasat, natatamo ang pag-amin sa pamamagitan ng pananakit."

Subali't si Khruschev ay isa ring komunista — pangunang lider na komunista, bagaman tinuligsa niya si Stalin.

### MGA PAMAMARAANG PULAHAN

Palibhasa'y nalalamang hindi tatanggapin ng mga mamamayan ang komunismo kung ilalantad ang katotohanan tungkol dito, nagbubunsod ang mga komunista ng iba't ibang paraan upang iligaw ang paniniwala ng madla sa pamamagitan ng propaganda. At isa sa mga galamay ng Komunismong umuusad sa daigdig ay ito: Neutralismo.

Nguni't hindi aaminin ng Pulahan na kinakasangkapan nito ang Neutralismo. Gayunman, kahit hindi sabihin ay malalaman ng sino man ang katotohanan kung susubaybayan at pag-aaralan ang takbo ng mga pangyayari sa daigdig.

Paulit-ulit mang magbago ng pamamaraan ang komunismo ay mananatili ang simulain nito —maibagsak ang pamahalaang demokratiko upang maagaw ang kapangyarihan at maalipin ang mga mamamayan. Kaya, kailangang puspusang gumawa ang lahat sa ikasusugpo ng komunismo hindi lamang sa Pilipinas, sa Pulahang Tsina, o sa Rusya; manapa, sa buong daigdig.

—oOo—

## Dambana...

(Karug. ng na sa p. 29)

na nga ang don kay Aida. Na, maaaring si Aida ang dahilan ng sinabi ni Don Servando na pauuwiin na si Luis sa lalong madaling panahon upang ipakasal na ito at ang kanilang pamangkin; at maaaring si Aida rin ang dahilan kung bakit iniurong ni Don Servando ang balak na yaon... Maaaring napatunayan ng don na si Aida'y hindi karapat-dapat sa gayon nilang pagpapahalaga dahil nga sa nahahalata rito.

LINGID sa kaalaman ni Ginang Buenaflor, nang makapanhik siya'y lumabas ng kanilang bakuran si Ginoong Buenaflor. Mabilis na naglakad hang papalayo. Mga labindalawang bahay na ang layo niya nang tumigil at umawag ng isang taksi.

—Sa La Loma, Bigan, —aniya sa tsuper matapos sumakay.

Ang taksi'y humagibis...

Nang makapasok sa purok ng La Loma ay napalingon kay Ginoong Buenaflor ang driver. Sinabi niya kung saan siya dadalhin.

Ang taksi'y huminto sa tapat ng isang tila bodegang bahagya nang maaninag sa dilim. Matapos bayaran ang tsuper ay nagmamadaling pumasok doon si Ginoong Buenaflor.

Isang lalaking mukhang tanga ang sumalubong kay Ginoong Buenaflor. Napangiti yaon nang makita siya. Si Ginoong Buenaflor ay nagtuloy sa loob. Sandali siyang nagpalinga-linga. Inisa-isa niya ang mga mesang naghanay na pawang napaliligiran ng mga manunugal. Parang walang dumating, iilan sa mga nagsusugal ang nagbaling ng tingin sa kanya. Nguni't sa iilang yaon ay dalawa ang tumindig at lumapit sa kanya matapos siyang mapagsino.

Nangakangising humarap sa kanya ang dalawa. Halos magkasabay na nagtanong: **May bagong misyon ba kami, Boss?**

Sa halip na sumagot ay tinungo ni Ginoong Buenaflor ang pinaka-bar ng pasugalan. Ang dalawang lalaki'y sumunod sa kanya. **(itutuloy)**



Isang masayang sandali ang tinatamasa nina Luis Gonzales, Rudy Francisco, Pepito Perez at mga kasama sa piknik na ito sa Taliptip, Bulakan, na ipinag-anyaya nina G. at Gng. Pedro Garcia sa mga bituin ng Sampaguita kamakailan!

# Ito'y ganap na pinasasarap ng Purico!



**Bago, madaling pamamara-ang-Purico sa pagluluto ng masarap na "Apahap Na May Sarsang Kamatis"!**

Budburan ng pinaghalong arina, asin at paminta, ang loob at labas ng 2 Apahap na katamtaman ang laki. Prituhin ng malutong sa mainit na Purico. Bayaang mainit. Sa kawaling pinagprituhan, magdagdag pa ng 5 kutsarang Purico. Maggisa ng 2 butil dinikdik na bawang; 1 tinadtad na sibuyas. Samahan ng 3 tasang nilutong kamatis; 2 kutsarang ketsap; 1 kutsaritang asin; ilang butil na paminta; katas ng 2 kalamansi. Lutuin at haluin hanggang lumapot at ang gulay ay lumambot. Ibuhos ito sa mainit na Apahap.

## *Tagumpay ang pagluluto ninyo tuwing gagamit kayo ng Purico!*

**Magtipid! Bumili ng Purico sa 1 librang karton na nakabalot sa "cellophane"!**




**Ito'y higit na sariwa, higit na malinis at lalong matipid gamitin.**

**Dalisay, masaganang Purico ay mas maraming nailuluto—nananatiling sariwa!**

Likas na sarap *lamang* ang inyong nalalasahan sa mga pagkaing pinirito sa Purico! *Dagliang* kinukuyom ng Purico ang likas na sarap ng mga pagkain—di nag-iiwan ng sariling lasa! Ang mahuhusay na kusinera ay umaasa sa Purico sa lahat nilang pagpiprito, paggigisa, paghuhurno! Patunayan sa inyong sarili kung paano lalong napabubuti ng Purico ang sarili ninyong pagluluto!

## *Ukol sa pinakamabuti - gumamit ng Purico!*

*Copyright PMC 1956*